2 Samuel 10:13 Pagkatapos, nilusob ni Joab at ng mga kawal na kasama niya ang mga kawal na taga-Aram. Tumakbo ang mga kawal na taga-Aram palayo kay Joab.

2 Samuel 10:14 The Ammonite soldiers saw that the Aramean soldiers ran away from Joab. So they ran away from Abishai. They entered the city. Then Joab returned to Jerusalem.

2 Samuel 10:14 Nakita ng mga kawal na Amonita na nagsitakbo ang mga kawal na taga-Aram palayo kay Joab. Kaya't tumakbo sila palayo kay Abisai. Pumasok sila sa bayan. Pagkatapos, bumalik si Joab sa Jerusalem.

2 Samuel 10:15 The Aramean soldiers knew that the Israelites defeated them. So they decided to fight the Israelites again.

2 Samuel 10:15 Alam ng mga kawal na taga-Aram na tinalo sila ng mga Israelita. Kaya't nagpasya silang digmaing muli ang mga Israelita.

2 Samuel 10:16 Hadadezer paid money to more Aramean soldiers so that they would fight the Israelites. Those soldiers came from the eastern side of the Euphrates River. Then they went to Helam. A man named Shobak was those new soldiers' leader. Shobak was the captain of Hadadezer's army.

2 Samuel 10:16 Nagbayad si Hadadezer ng pera sa mga kawal na taga-Aram upang digmain ng mga kawal ang mga Israelita. Nanggaling sila sa gawing silangan ng Ilog Eufrates at pumunta sa Elam. Ang isang lalaking nanggagalang Sobac ang pinuno ng mga bagong kawal na iyon. Si Sobac ay kapitan ng hukbo ni Hadadezer.

2 Samuel 10:17 A person told David that the Aramean soldiers were preparing to fight again. So David called all of the Israelite soldiers. Then the Israelite soldiers went across the Jordan River and went to Helam. Then the Aramean soldiers fought David and the Israelite soldiers.

2 Samuel 10:17 Sinabi ng isang tao kay David na naghahanda ang mga kawal na taga-Aram upang dumigmang muli. Kaya't tinawag ni David ang lahat ng mga kawal na Israelita. Pagkatapos, tumawid ang mga kawal Israelita sa Ilog Jordan at pumunta sa Elam. At dinigma ng mga kawal na taga-Aram sina David at ang mga kawal Israelita.

2 Samuel 10:18 But the Aramean soldiers ran away from the Israelite soldiers. David's soldiers killed 700 of the Aramean soldiers who rode chariots. And they killed 40,000 Aramean soldiers. David also killed Shobak, who was the captain of the Aramean soldiers. Shobak died there.

2 Samuel 10:18 Ngunit tumakbo ang mga kawal na taga-Aram palayo sa mga kawal Israelita. Pinatay ng mga kawal ni David ang 700 sa mga kawal na taga-Aram na sumakay sa mga karwahe at pinatay nila ang 40,000 kawal na taga-Aram. Pinatay din ni David si Sobac na kapitan ng mga kawal na taga-Aram. Namatay ito sa lugar na iyon.

2 Samuel 10:19 All of the kings who served Hadadezer saw that the Israelites defeated their armies. So they stopped fighting the Israelites and started serving them. After that time the Arameans were afraid to help the Ammonites.

2 Samuel 10:19 Nakita ng lahat ng mga haring naglingkod kay Hadadezer na tinalo ng mga Israelita ang kanilang mga hukbo. Kaya't tumigil na silang digmain ang mga Israelita at nagsimulang maglingkod sa kanila. Matapos ang panahong iyon, natakot ang mga taga-Aram na tulungan ang mga Amonita.

13 minutes

2 Samuel 11:1 Title: David marries Bathsheba. In the spring the kings went often to fight each other. But David sent Joab, the king's officers, and the Israelites' army to fight the other kings. The Israelites defeated the Ammonites first. Then they attacked Rabbah. But David stayed in Jerusalem.

2 Samuel 11:1 Pamagat: Napangasawa ni David si Batsheba. Sa panahon ng tagsibol, pumupunta ang mga hari upang makipaglaban. Ngunit ipinadala ni David sina Joab, mga opisyal ng hari, at ang hukbo ng mga Israelita upang digmain ang ibang mga hari. Tinalo muna ng mga Israelita ang mga Amonita at nilusob ang Rabba. Ngunit nanatili si David sa Jerusalem.

2 Samuel 11:2 On one evening David got up from his bed and walked on the roof of the palace. He saw a woman who was washing herself while he was on the roof. That woman was very beautiful.

2 Samuel 11:2 Sa isang gabi, bumangon si David mula sa kanyang kama at naglakad sa bubong ng palasyo. Nakita niya ang isang babaeng naglilinis ng kanyang sarili habang siya ay nasa bubong. Napakaganda ng babaeng iyon.

2 Samuel 11:3 So David sent a servant to learn about that woman. That servant said to David, "That woman's name is Bathsheba. Bathsheba is Eliam's daughter and is Uriah's wife. Uriah is a Hittite."

2 Samuel 11:3 Kaya't nagpadala si David ng isang alipin upang alamin ang tungkol ang babaeng iyon. Sinabi ng alipin kay David, "Bathsheba ang pangalan ng babaeng iyon. Si Batsheba ay anak na babae ni Eliam at asawa ni Urias. Si Urias ay isang Heteo."

2 Samuel 11:4 Then David sent messengers to Bathsheba. Those messengers brought Bathsheba to David. Then David slept with Bathsheba. (Previously Bathsheba was menstruating. But she finished cleaning herself.) Then she returned to her house.

2 Samuel 11:4 Pagkatapos, nagpadala si David ng mga tagapaghatid balita kay Batsheba. Dinala ng mga tagapaghatid balitang iyon si Batsheba kay David. Pagkatapos, sinipingan ni David si Batsheba. (Noong una ay nagkaroon si Batsheba. Ngunit natapos na niyang linisin ang kanyang sarili at bumalik sa kanyang bahay.)

2 Samuel 11:5 But Bathsheba became pregnant. So she sent a messenger to David. That messenger told David that Bathsheba was pregnant.

2 Samuel 11:5 Ngunit nagdalantao si Batsheba. Kaya't nagpadala siya ng tagapaghatid balita kay David. Sinabi ng tagapaghatid balitang iyon kay David na nagdadalantao si Batsheba.

2 Samuel 11:6 So David sent a messenger to Joab. That messenger said to Joab, "Send Uriah, who is a Hittite, to me." So Joab sent Uriah to David.

2 Samuel 11:6 Kaya't nagpadala si David ng tagapaghatid balita kay Joab. Sinabi ng tagapaghatid balitang iyon kay Joab, "Ipadala mo sa akin si Urias na isang Heteo." Kaya't ipinadala ni Joab si Urias kay David.

2 Samuel 11:7 When Uriah came to David, David asked him about Joab, the other soldiers, and the war.

2 Samuel 11:7 Nang pumunta si Urias kay David, tinanong siya ni David nang tungkol kay Joab, ibang mga kawal, at digmaan.

2 Samuel 11:8 Then David said to Uriah, "Go to your house and wash your feet." So Uriah left the palace. And the king sent a gift to Uriah.

2 Samuel 11:8 Pagkatapos, sinabi ni David kay Urias, "Umuwi ka sa iyong bahay at hugasan ang iyong mga paa." Kaya't umalis si Urias sa palasyo. At nagpadala ang hari ng regalo kay Urias.

2 Samuel 11:9 But Uriah slept with the king's servants near the door of the palace. He didn't go to his house.

2 Samuel 11:9 Ngunit natulog si Urias kasama ng mga alipin ng hari malapit sa pinto ng palasyo. Hindi siya umuwi sa kanyang bahay.

2 Samuel 11:10 Then a person said to David, "Uriah didn't go to his house." So David said to Uriah, "You came from the war. Why didn't you go to your house?"

2 Samuel 11:10 Pagkatapos, sinabi ng isang tao kay David, "Hindi umuwi si Urias sa kanyang bahay." Kaya't sinabi ni David kay Urias, "Nanggaling ka sa digmaan. Bakit ka hindi umuwi sa iyong bahay?"

2 Samuel 11:11 Uriah said to David, "The ark of the covenant is in a tent. And Israel's soldiers and Judah's soldiers are sleeping in tents. My captain named Joab and his soldiers are sleeping in fields. I won't go to my house and won't eat there. And I won't drink wine at my house and won't sleep with my wife. I certainly won't do those things!"

2 Samuel 11:11 Sinabi ni Urias kay David, "Ang Kaban ng Tipan ay nasa tolda. At natutulog ang mga kawal ng Israel at mga kawal ng Juda sa mga tolda. Ang aking kapitan na si Joab at kanyang mga kawal ay natutulog sa mga bukid. Hindi ako uuwi sa aking bahay at hindi kakain sa aking bahay. At hindi ako iinom ng alak sa aking bahay at hindi sisipingan ang aking asawa. Siguradong hindi ko gagawin ang mga bagay na iyon!"

2 Samuel 11:12 Then David said to Uriah, "Stay here for one more day. Tomorrow I'll send you to the battle." So that day Uriah stayed in Jerusalem.

2 Samuel 11:12 Pagkatapos, sinabi ni David kay Urias, "Manatili ka pa dito sa loob ng isang araw. Bukas ay ipapadala kita sa labanan." Kaya't sa araw na iyon, nanatili si Urias sa Jerusalem.

2 Samuel 11:13 Then David called Uriah. And Uriah ate with David. And David caused Uriah to become drunk. But in the evening Uriah slept with the king's servants near the door of the palace on his mat. He didn't go to his house.

2 Samuel 11:13 Pagkatapos, tinawag ni David si Urias. At kumain si Urias kasama ni David. At nagawa ni David na malasing si Urias. Ngunit sa gabi, natulog siya sa kanyang higaan kasama ng mga alipin ng hari malapit sa pinto ng palasyo. Hindi siya umuwi sa kanyang bahay.

2 Samuel 11:14 The next morning David wrote a letter to Joab and told Uriah to take it to Joab.

2 Samuel 11:14 Nang sumunod na umaga, sumulat si David kay Joab. At sinabi niya kay Urias na dalhin ang sulat na iyon kay Joab.

2 Samuel 11:15 David wrote, "Joab, put Uriah in front of the other soldiers and put him at a place where many enemies are fighting us. Then leave Uriah there. Allow the enemy to kill Uriah."

2 Samuel 11:15 Isinulat ni David, "Joab, ilagay mo si Urias sa harapan ng ibang mga kawal at ilagay siya sa lugar kung saan dumidigma tayo ng maraming kaaway. Pagkatapos, iwan mo si Urias sa lugar na iyon. Pabayaan mo ang kaaway na patayin si Urias."

2 Samuel 11:16 So while Joab and the soldiers were attacking the city, Joab saw the place where the enemies' best soldiers were protecting the city. Then he ordered Uriah to go there.

2 Samuel 11:16 Kaya't habang nilulusob ni Joab at ng mga kawal ang bayan, nakita niya ang lugar kung saan ipinagtatangol ng pinakamagaling na mga kawal na kaaway ang bayan. Pagkatapos, inutusan niya si Urias na pumunta sa lugar na iyon.

2 Samuel 11:17 When the men who were in that city started fighting Joab's soldiers, they killed several of the soldiers who were in David's army. And the enemy also killed Uriah, who was a Hittite.

2 Samuel 11:17 Nang nagsimulang digmain ng mga kawal ni Joab ang mga lalaking nasa bayang iyon, pinatay nila ang ilan sa mga kawal na mula sa hukbo ni David. At pinatay din ng mga kalaban si Urias na isang Heteo.

2 Samuel 11:18 Then Joab sent a messenger to David. That messenger told David about that battle.

2 Samuel 11:18 Pagkatapos, nagpadala si Joab ng tagapaghatid balita kay David. Sinabi ng tagapaghatid balitang iyon kay David ang tungkol sa labanan.

2 Samuel 11:19 Before that messenger went to David, Joab said to him, "Tell the king about this battle.

2 Samuel 11:19 Bago pumunta ang tagapaghatid balitang iyon kay David, sinabi ni Joab sa kanya, "Sabihin mo sa hari ang tungkol sa labanang ito.

2 Samuel 11:20 The king might become angry because several soldiers died. King David might ask you, "Why did you go near the city? You know that the enemies' soldiers stand on the wall of the city. And you know that the soldiers shoot arrows at you.

2 Samuel 11:20 Baka magalit ang hari dahil namatay ang ilang kawal. Baka tanungin kayo ni Haring David, "Bakit kayo lumapit sa bayan? Alam ninyong nakabantay ang mga kawal ng mga kaaway sa pader ng bayan. At alam ninyong tutudla ang mga kawal ng mga palaso sa inyo.

2 Samuel 11:21 Do you remember the person who killed Abimelek? Abimelek was Jerub-Besheth's son. A woman who was standing on the wall of the city dropped a big stone on Abimelek. Then Abimelek died in Thebez. Why did you go near the wall?" If King David says those things, say to King David, "Your servant named Uriah is dead. Uriah was a Hittite."

2 Samuel 11:21 Naaalala mo ba ang taong pumatay kay Abimelec? Si Abimelec ay anak na lalaki ni Gideon. Naghulog ng malaking bato kay Abimelec ang babaeng nakatayo sa pader ng bayan. Pagkatapos, namatay si Abimelec sa Tebez. Bakit kayo lumapit sa pader?" Kapag sinabi ni Haring David ang mga bagay na iyon, sabihin mo kay Haring David, "Ang iyong alipin na si Urias ay namatay na. Si Urias ay isang Heteo."

2 Samuel 11:22 Then that messenger went to King David and told all of the things that Joab said to David.

2 Samuel 11:22 Pagkatapos, pumunta ang tagapaghatid balitang iyon kay Haring David. At sinabi niya kay David ang lahat ng mga bagay na sinabi ni Joab.

2 Samuel 11:23 That messenger said to David, "The soldiers were defeating us. Those soldiers attacked us in the field. But we continued fighting those soldiers. We forced those soldiers to return to the gate of the city.

2 Samuel 11:23 Sinabi ng tagapaghatid balitang iyon kay David, "Natatalo kami ng mga kawal. Nilusob nila kaming nasa bukid, ngunit nagpatuloy naming silang dinigma. Pinilit namin ang mga kawal na iyon na bumalik sa pintuan ng bayan.

2 Samuel 11:24 Then soldiers who were standing on the wall of the city shot arrows at your servants. Those arrows killed several of your soldiers. And your servant named Uriah is dead."

2 Samuel 11:24 Pagkatapos, tumudla ng mga palaso sa iyong mga alipin ang mga kawal na nakatayo sa pader ng bayan. Pinatay ng mga palasong iyon ang ilan sa iyong mga kawal. At ang iyong aliping si Urias ay namatay na."

2 Samuel 11:25 Then David said to that messenger, "Say to Joab, "Don't be upset because several soldiers died. When soldiers fight each other, soldiers always die. Continue attacking that city and destroy it." Say those things to encourage Joab."

2 Samuel 11:25 Pagkatapos, sinabi ni David sa tagapaghatid balitang iyon, "Sabihin mo kay Joab, "Huwag kang malungkot dahil namatay ang ilang kawal. Kapag naglalaman ang mga kawal palaging may namamatay na mga kawal. Patuloy mong lusubin at wasakin ang bayang iyon." Sabihin mo ang mga bagay na iyon upang hikayatin si Joab."

2 Samuel 11:26 Later Bathsheba heard that her husband named Uriah was dead. So she mourned for Uriah.

2 Samuel 11:26 Nang nagtagal ay narinig ni Batsheba na ang kanyang asawang lalaking si Urias ay namatay. Kaya't nagluksa siya para kay Urias.

2 Samuel 11:27 After Bathsheba finished mourning for Uriah, David sent servants to her. Those servants brought Bathsheba to David's house. Then David married Bathsheba. Later Bathsheba gave birth to a son. But Yahweh was angry with David because he did those things.

2 Samuel 11:27 Matapos magluksa ni Batsheba para kay Urias, nagpadala si David ng mga alipin sa kanya. Dinala ng mga aliping iyon si Batsheba sa bahay ni David. Pagkatapos, napangasawa ni David si Batsheba. Nang nagtagal ay nanganak si Batsheba ng isang batang lalaki. Ngunit nagalit si Yahweh kay David dahil ginawa niya ang mga bagay na iyon.

22 minutes

2 Samuel 12:1 Title: David's son dies. Yahweh sent Nathan to David. So Nathan went to David and said, "There were two men in a certain town. One man was rich. And the other man was poor.

2 Samuel 12:1 Pamagat: Namatay ang anak na lalaki ni David. Ipinadala ni Yahweh si Natan kay David. Kaya't pumunta si Natan kay David at sinabi, "Mayroong dalawang lalaki sa isang bayan. Mayaman ang isang lalaki. At mahirap ang isa pang lalaki.

2 Samuel 12:2 The rich man had many sheep and many cows.

2 Samuel 12:2 Maraming tupa at baka ang mayamang lalaki.

2 Samuel 12:3 But the poor man didn't have many things. He had one little female lamb that he bought. He took care of that lamb. And that lamb grew. The poor man's children loved that lamb. That lamb ate the man's food and drank water from his cup. It slept with the man. That man took care of that lamb like he took care of his daughter.

2 Samuel 12:3 Ngunit walang maraming ari-arian ang mahirap na lalaki. Mayroon siyang isang maliit na babaeng tupa na nabili niya. Inalagaan niya ang batang tupang iyon. At lumaki ang batang tupang iyon. Minahal ng mga anak ng mahirap na lalaki ang batang tupang iyon. Kumain ang batang tupang iyon ng pagkain ng lalaki at uminom ng tubig sa kanyang kopa. Natulog iyon kasama ng lalaki. Inalagaan ng lalaking iyon ang batang tupang iyon katulad ng pag-aalaga niya sa kanyang anak na babae.

2 Samuel 12:4 One day a friend visited the rich man. But that rich man didn't want to kill one of his sheep or one of his cows. Instead, he took the female lamb away from the poor man. Then that rich man killed that lamb and cooked it for his friend."

2 Samuel 12:4 Isang araw, dinalaw ng isang kaibigan ang mayamang lalaki. Ngunit ayaw ng mayamang lalaking iyon na patayin ang mga tupa o kanyang mga baka. Sa halip ay kinuha niya ang babaeng tupa sa mahirap na lalaki at pinatay iyon. At iniluto niya ang batang tupang iyon para sa kanyang kaibigan."

2 Samuel 12:5 After David heard that story, he became very angry with that rich man. He said to Nathan, "The man who killed that poor man's sheep has to die!

2 Samuel 12:5 Matapos dinggin ni David ang kwentong iyon, nagalit siya sa mayamang lalaki. Sinabi niya kay Natan, "Dapat mamatay ang lalaking pumatay sa tupa ng mahirap na lalaking iyon!

2 Samuel 12:6 And that rich man has to pay a lot of money to the poor man. That rich man is very bad. He didn't feel pity for that poor man!"

2 Samuel 12:6 At dapat magbayad ang mayamang lalaking iyon ng maraming pera sa mahirap na lalaki. Napakasama niya. Hindi niya kinaawaan ang mahirap na lalaking iyon!"

2 Samuel 12:7 Then Nathan said to David, "You're that rich man! Yahweh, who is the God of Israel, says to you, "I chose you to become the king of Israel and saved you from Saul.

2 Samuel 12:7 Pagkatapos, sinabi ni Natan kay David, "Ikaw ang mayamang lalaking iyon! Si Yahweh na Diyos ng Israel ang nagsasabi sa iyo, "Itinalaga kita para maging hari ng Israel. At iniligtas kita mula kay Saul.

2 Samuel 12:8 I gave Saul's kingdom to you and gave his wives to you. And I caused you to become the king of Israel and the king of Judah. If you had wanted more things, I would have given them to you.

2 Samuel 12:8 Ibinigay Ko sa iyo ang kaharian ni Saul at ibinigay sa iyo ang kanyang mga asawa. At ginawa Kong maging hari ka ng Israel at hari ng Juda. Kung gusto mo pa ng mga bagay, bibigyan pa sana kita ng mga ito.

2 Samuel 12:9 Why didn't you obey me? Why did you do an evil thing? You killed Uriah, who was a Hittite, with a sword. And you took Uriah's wife. You killed Uriah with the Ammonites' sword.

2 Samuel 12:9 Bakit hindi mo Ako sinunod? Bakit ka gumawa ng isang masamang bagay? Pinatay mo sa pamamagitan ng patalim si Urias na isang Heteo at kinuha mo ang kanyang asawa. Pinatay mo si Urias sa pamamagitan ng patalim ng mga Amonita.

2 Samuel 12:10 Therefore your enemies will kill many of your descendants with swords. Your descendants will die because you didn't respect me and because you took Uriah's wife."

2 Samuel 12:10 Anupa't papatayin ng iyong mga kaaway ang iyong maraming lipi sa pamamagitan ng mga patalim. Mamamatay ang iyong lipi dahil hindi mo Ako iginalang at dahil kinuha mo ang asawa ni Urias."

2 Samuel 12:11 Yahweh says, "I'll cause a person who is in your family to make many problems for you. I'll take your wives away from you and give them to a man who is your relative. That man will sleep with your wives in front of the Israelites. All of the people who are living in Israel will know that that man slept with your wives.

2 Samuel 12:11 Sinasabi ni Yahweh, "Gagawin Kong makagawa ng maraming problema para sa iyo ang isang taong mula sa iyong pamilya. Aalisin Ko ang iyong mga asawa sa iyo. At ibibigay Ko ang mga asawang iyon sa lalaking iyong kamag-anak. Sisipingan niya ang iyong mga asawa sa harapan ng mga Israelita. Malalaman ng lahat ng mga taong naninirahan sa Israel na sinipingan ng lalaking iyon ang iyong mga asawa.

2 Samuel 12:12 You slept with Bathsheba secretly. But all of the people who are living in Israel will know that another man slept with your wives.""

2 Samuel 12:12 Sinipingan mo si Batsheba nang palihim. Ngunit malalaman ng lahat ng mga taong naninirahan sa Israel na sinipingan ng ibang lalaki ang iyong mga asawa.""

2 Samuel 12:13 Then David said to Nathan, "I sinned against Yahweh." Nathan said, "Yahweh forgave your sin. You won't die.

2 Samuel 12:13 Pagkatapos, sinabi ni David kay Natan, "Nagkasala ako laban kay Yahweh." Sinabi ni Natan, "Pinatawad ni Yahweh ang iyong kasalanan. Hindi ka mamamatay.

2 Samuel 12:14 But your son who was born will die because you didn't respect Yahweh."

2 Samuel 12:14 Ngunit mamamatay ang iyong anak na lalaking isinilang dahil hindi mo iginagalang si Yahweh."

2 Samuel 12:15 Then Nathan returned to his house. Then Yahweh caused the son of David and Bathsheba to become very sick.

2 Samuel 12:15 Pagkatapos, bumalik si Natan sa kanyang bahay. At ginawa ni Yahweh na maging napakalubha ang anak na lalaki nina David at Batsheba.

2 Samuel 12:16 David prayed that God will save the baby. And David fasted. During the nights he lied on the ground. And during the nights he wore clothes made of sackcloth.

2 Samuel 12:16 Nanalangin si David na iligtas ng Diyos ang sanggol. At hindi siya kumain ng pagkain upang manalangin para sa sanggol. Sa gabi, nahiga siya sa lupa at nagsuot ng mga damit-panluksa.

2 Samuel 12:17 The old people who worked in David's palace came to him. And they encouraged David to stand up. But David refused to stand up. And he didn't eat food with those people.

2 Samuel 12:17 Pumunta kay David ang matatandang taong nagtatrabaho sa kanyang palasyo. At hinikayat nila si David na tumayo. Ngunit tumanggi si David na tumayo. At hindi siya kumain ng pagkain kasama ng mga taong iyon.

2 Samuel 12:18 On the seventh day the baby died. David's servants were afraid to tell him that the baby was dead. They thought, "David didn't listen to us while the baby was alive. If we tell David that the baby is dead, David might become very upset."

2 Samuel 12:18 Sa ikapitong araw, namatay ang sanggol. Natakot ang mga alipin ni David na sabihin sa kanya na namatay ang sanggol. Inisip nila, "Hindi kami pinakinggan ni David habang nabubuhay ang sanggol. Kapag sinabi namin kay David na namatay na ang sanggol, baka maging napakalungkot niya."

2 Samuel 12:19 But David saw those servants whispering. Then he knew that the baby was dead. So David asked those servants, "Is the baby dead?" Those servants answered, "Yes. The baby is dead."

2 Samuel 12:19 Ngunit nakita ni David ang mga aliping iyon na nagbubulungan. Pagkatapos, alam niyang namatay ang sanggol. Kaya't tinanong niya ang mga aliping iyon, "Namatay na ba ang sanggol?" Sumagot ang mga aliping iyon, "Oo. Namatay na ang sanggol."

2 Samuel 12:20 Then David stood up and washed himself. And he put clean clothes on. Then he entered Yahweh's house to worship him. Then David returned to his house. Then he asked a servant to bring food to him. And David ate that food.

2 Samuel 12:20 Pagkatapos, tumayo si David at naligo. At nagsuot siya ng mga malilinis na damit. Pagkatapos, pumasok siya sa bahay ni Yahweh upang sambahin si Yahweh. At bumalik siya sa kanyang bahay. At nag-utos siya sa isang alipin na magdala ng pagkain sa kanya. At kinain niya ang pagkaing iyon.

2 Samuel 12:21 David's servants asked him, "Why are you eating now? And why did you put clean clothes on? You fasted while the baby was alive. And you cried. But after the baby died, you stood up. And you're eating food now!"

2 Samuel 12:21 Tinanong siya ng mga alipin, "Bakit kumakain ka na ngayon? At bakit ka nagsuot ng mga malilinis na damit? Hindi mo kinain ang pagkain habang nabubuhay ang sanggol upang manalangin. At umiyak ka. Ngunit pagkamatay ng sanggol, tumayo ka. At kumakain ka na ngayon ng pagkain!"

2 Samuel 12:22 David said, "I fasted while the baby was alive and cried. I thought, "Perhaps Yahweh will be merciful to me. Perhaps Yahweh will let the baby live."

2 Samuel 12:22 Sinabi ni David, "Hindi ako kumain habang nabubuhay ang sanggol upang manalangin. At umiyak ako. Inisip ko, "Maaaring kahahabagan ako ni Yahweh. Maaaring pabayaang Niyang mabuhay ang sanggol."

2 Samuel 12:23 But the baby is dead now. Why should I continue fasting? I'm not able to cause the baby to live again. Later I'll go to that baby. But that baby won't return to me."

2 Samuel 12:23 Ngunit namatay na ngayon ang sanggol. Bakit ako magpapatuloy na mag-ayuno? Hindi ko kayang ibalik na muli ang sanggol. Sa susunod ay pupunta ako sa sanggol na iyon, ngunit hindi babalik ang sanggol na iyon sa akin."

2 Samuel 12:24 Then David comforted Bathsheba and slept with her. Then Bathsheba gave birth to another son. David named that boy Solomon. Yahweh loved Solomon.

2 Samuel 12:24 Pagkatapos, inaliw at sinipingan ni David si Batsheba. At nanganak si Batsheba ng ibang batang lalaki. Pinangalanan ni David ang batang lalaking iyon nang Solomon. Minahal ni Yahweh si Solomon.

2 Samuel 12:25 Yahweh told Nathan, who was a prophet, that that baby's name was Jedidiah because he loved Solomon. Footnote: Jedidiah means, "God loves this child."

2 Samuel 12:25 Sinabi ni Yahweh kay Natan na propeta na Jedidia ang pangalan ng sanggol na iyon dahil minahal Niya si Solomon. Talababa: Nangangahulugan ang Jedidia na, "Minamahal ng Diyos ang batang ito."

2 Samuel 12:26 Title: David defeats the people who are living in Rabbah. Joab continued fighting the people who were living in Rabbah. Rabbah was the city where the king of the Ammonites lived. And Joab finished almost capturing that city.

2 Samuel 12:26 Pamagat: Pinasuko ni David ang mga taong naninirahan sa Rabba. Nagpatuloy makipaglaban si Joab sa mga taong naninirahan sa Rabba. Ang Rabba ay ang bayan kung saan nanirahan ang hari ng mga Amonita. At muntik nang mapasuko ni Joab ang bayang iyon.

2 Samuel 12:27 So Joab sent messengers to David. Joab said, "I'm fighting the people who live in Rabbah and captured the soldiers who were guarding the place where they got water.

2 Samuel 12:27 Kaya't nagpadala si Joab ng mga tagapaghatid balita kay David. Sinabi niya, "Nilalabanan ko ang mga taong naninirahan sa Rabba. At binihag ko ang mga kawal na nagbabantay sa lugar kung saan kumukuha ang mga tao ng tubig.

2 Samuel 12:28 Bring the other soldiers here. Then attack this city. Before I defeat these people, you defeat them. If I defeat these people, people will call this city 'Joab's city'."

2 Samuel 12:28 Dalhin mo ang ibang mga kawal dito at lusubin ang bayang ito. Bago ko talunin ang mga taong ito, talunin mo sila. Kung tatalunin ko ang mga taong ito, tatawagin ng mga tao ang bayang ito na 'bayan ni Joab'."

2 Samuel 12:29 So David led his army to Rabbah. Then David's army attacked Rabbah and captured it.

2 Samuel 12:29 Kaya't pinangunahan ni David ang kanyang hukbo patungo sa Rabba. Pagkatapos, nilusob ng hukbo ni David ang Rabba at binihag iyon.

2 Samuel 12:30 David took that king's crown from his head. Then David's soldiers put that crown on his head. That crown was made of gold and weighed about 75 pounds. There were many expensive gems on that crown. David and the soldiers took many valuable things from that city.

2 Samuel 12:30 Kinuha ni David ang korona ng hari doon mula sa kanyang ulo. Pagkatapos, inilagay ng mga kawal ni David ang koronang iyon sa kanyang ulo. Gawa sa ginto ang koronang iyon at tumitimbang ng halos 34 na kilo. Maraming mamahaling hiyas sa koronang iyon. Kumuha sina David at ang mga kawal ng maraming mahahalagang bagay mula sa bayang iyon.

2 Samuel 12:31 David also forced the people who were living in that city to work for him. He made those people work with saws, axes, and other tools. He also forced those people to make bricks. He forced the people who were living in all of the Ammonites' towns to work for him. Then David and his army returned to Jerusalem.

2 Samuel 12:31 Pinilit din ni David ang mga taong naninirahan sa bayang iyon na magtrabaho sa kanya. Ginawa niyang manggagawa ang mga taong iyon gamit ang mga lagari, mga palakol, at ibang mga kagamitan. Pinilit rin niya ang mga taong iyon na gumawa ng mga laryo. Pinilit niya ang mga taong naninirahan sa lahat ng mga bayan ng mga Amonita na magtrabaho sa kanya. Pagkatapos, bumalik sina David at ang kanyang hukbo sa Jerusalem.

26 minutes

2 Samuel 13:1 Title: Amnon rapes Tamar. Later David's son named Amnon fell in love with a woman named Tamar. Tamar was very beautiful and was Absalom's younger sister. Absalom was one of David's sons.

2 Samuel 13:1 Pamagat: Ginahasa ni Amnon si Tamar. Nang nagtagal, ang anak na lalaki ni David na si Amnon ay nagkagusto sa babaeng nagngangalang Tamar. Napakaganda ni Tamar at siya ay nakababatang kapatid na babae ni Absalom. Si Absalom ay isa sa mga anak na lalaki ni David.

2 Samuel 13:2 Although Amnon was Tamar's older brother, he really wanted to sleep with her. He became sick because he was always thinking about Tamar. Tamar was a virgin. Although Amnon wanted to sleep with Tamar, he knew that he must not sleep with her.

2 Samuel 13:2 Kahit si Amnon ay nakatatandang kapatid na lalaki ni Tamar, gusto niya talagang sipingan si Tamar. Nagkasakit siya dahil palagi niyang iniisip si Tamar. Hindi pa sumiping si Tamar sa kahit isang lalaki. Kahit gusto ni Amnon na sipingan si Tamar, alam niyang hindi niya dapat sipingan ito.

2 Samuel 13:3 A man named Jonadab advised Amnon often. Jonadab was Shimeah's son. Shimeah was David's older brother. Jonadab was very clever.

2 Samuel 13:3 Madalas na ang isang lalaking nagngangalang Jonadab ang nagpapayo kay Amnon. Si Jonadab ay anak na lalaki ni Simea. Si Simea ay nakatatandang kapatid na lalaki ni David. Napakatalino ni Jonadab.

2 Samuel 13:4 One day Jonadab asked Amnon, "Each morning why do you look tired? You're the king's son. Tell me about the reason you're tired." Amnon said to Jonadab, "I love Tamar. But Tamar is the younger sister of my older brother named Absalom."

2 Samuel 13:4 Isang araw, tinanong ni Jonadab si Amnon, "Sa tuwing umaga, bakit ka nagmumukhang pagod? Ikaw ay anak na lalaki ng hari. Sabihin mo sa akin ang tungkol sa dahilan kung bakit ka pagod." Sinabi ni Amnon kay Jonadab, "Minamahal ko si Tamar. Ngunit si Tamar ay nakababatang kapatid na babae ng aking nakatatandang kapatid na si Absalom."

2 Samuel 13:5 Jonadab said to Amnon, "Go and lie down on your bed. Pretend to be sick. Then your father will come to you. Then say to your father, "I want my younger sister named Tamar to come to me and want her to give food to me. Let Tamar prepare the food in front of me so that I could watch her. Then Tamar will feed that food to me.""

2 Samuel 13:5 Sinabi ni Jonadab kay Amnon, "Pumunta ka at mahiga sa iyong kama. Magkunwari kang may sakit. Pagkatapos, pupunta ang iyong ama sa iyo. At sabihin mo sa iyong ama, "Gusto kong ang aking nakababatang kapatid na babaeng si Tamar ang pumunta sa akin. At gusto kong bigyan ako ni Tamar ng pagkain. Pabayaang mong ihanda ni Tamar ang pagkain sa harapan ko upang mapagmasdan ko siya. Pagkatapos, ipapakain niya ang pagkaing iyon sa akin.""

2 Samuel 13:6 So Amnon lay down on his bed and pretended to be sick. King David went to Amnon. Then Amnon said to David, "I want my younger sister named Tamar to come to me. I want to watch Tamar make special bread for me. Then Tamar will feed that bread to me."

2 Samuel 13:6 Kaya't nahiga si Amnon sa kanyang kama. At nagkunwari siyang may sakit. Pumunta si Haring David kay Amnon. Pagkatapos, sinabi ni Amnon kay David, "Gusto kong ang aking nakababatang kapatid na si Tamar ang pumunta sa akin. Gusto kong makitang gumawa si Tamar ng mahalagang tinapay para sa akin. Pagkatapos, ipapakain niya ang tinapay na iyon sa akin."

2 Samuel 13:7 Then David sent a messenger to Tamar, who was in the palace. That messenger said to Tamar, "Go to the house of your older brother named Amnon and prepare food for him."

2 Samuel 13:7 Pagkatapos, nagpadala si David ng tagapaghatid balita kay Tamar na nasa palasyo. Sinabi ng tagapaghatid balitang iyon kay Tamar, "Pumunta ka sa bahay ng iyong nakatatandang kapatid na lalaking si Amnon at maghanda ng pagkain para sa kanya."

2 Samuel 13:8 So Tamar went to the house of her older brother named Amnon. Amnon was lying on his bed. Tamar used dough to make bread. She made that bread in front of Amnon. Then she baked that bread.

2 Samuel 13:8 Kaya't pumunta si Tamar sa bahay ng kanyang nakatatandang kapatid na si Amnon. Nakahiga si Amnon sa kanyang kama. Gumamit si Tamar ng minasang harina upang gumawa ng tinapay. Ginawa niya ang tinapay na iyon sa harapan ni Amnon at iniluto iyon.

2 Samuel 13:9 Then Tamar brought that bread to Amnon. But Amnon refused to eat that bread. He said to his servants, "Leave my room." So Amnon's servants left that room.

2 Samuel 13:9 Pagkatapos, dinala ni Tamar ang tinapay na iyon kay Amnon. Ngunit tumanggi si Amnon na kainin ang tinapay na iyon. Sinabi niya sa kanyang mga alipin, "Umalis kayo sa aking silid." Kaya't umalis ang mga alipin ni Amnon sa silid na iyon.

2 Samuel 13:10 Then Amnon said to Tamar, "Bring the food into my bedroom. Please feed the bread to me." So Tamar picked up the bread that she made. And she brought that bread to her older brother named Amnon. Amnon was in his bedroom.

2 Samuel 13:10 Pagkatapos, sinabi ni Amnon kay Tamar, "Dalhin mo ang pagkain sa loob aking silid. Isubo mo ang tinapay sa akin." Kaya't kinuha ni Tamar ang tinapay na ginawa niya at dinala niya iyon sa kanyang nakatatandang kapatid na si Amnon. Si Amnon ay nasa kanyang silid.

2 Samuel 13:11 Tamar took the bread to Amnon so that he could eat it. But Amnon grabbed Tamar and said to her, "My younger sister, sleep with me."

2 Samuel 13:11 Dinala ni Tamar ang tinapay kay Amnon upang kainin iyon ni Amnon. Ngunit hinablot niya si Tamar at sinabi, "Kapatid ko, sipingan mo ako."

2 Samuel 13:12 But Tamar said to Amnon, "My older brother, no! Don't rape me! People who live in Israel shouldn't do this evil thing. Don't do this wicked thing!"

2 Samuel 13:12 Ngunit sinabi ni Tamar kay Amnon, "Aking kapatid, hindi! Huwag mo akong gahasain! Hindi dapat gawin ang masamang bagay na ito ng mga taong naninirahan sa Israel. Huwag mong gawin ang napakasamang bagay na ito!"

2 Samuel 13:13 If you do this, I'll be ashamed. And people will hate you because you did this foolish thing. Please talk to the king. The king will allow you to marry me."

2 Samuel 13:13 Kapag ginawa mo ang bagay na ito, mapapahiya ako. At mapopoot ang mga tao sa iyo dahil ginawa mo ang hangal na bagay na ito. Kausapin mo ang hari. Pahihintulutan ka ng hari na mapangasawa ako."

2 Samuel 13:14 But Amnon didn't listen to Tamar. He was stronger than Tamar. So he raped Tamar.

2 Samuel 13:14 Ngunit hindi pinakinggan ni Amnon si Tamar. Higit na malakas siya kaysa kay Tamar. Kaya't ginahasa niya si Tamar.

2 Samuel 13:15 Then Amnon hated Tamar a lot. He hated Tamar more than he loved her previously. So he said to Tamar, "Stand up and leave my house!"

2 Samuel 13:15 Pagkatapos, napoot si Amnon kay Tamar nang labis. Napoot siya kay Tamar nang higit kaysa pagmamahal niya kay Tamar noong una. Kaya't sinabi niya kay Tamar, "Tumayo ka at umalis ng aking bahay!"

2 Samuel 13:16 But Tamar said to Amnon, "No! Don't tell me to leave. You treated me already badly. But you're treating me now very badly." But Amnon refused to listen to Tamar.

2 Samuel 13:16 Ngunit sinabi ni Tamar kay Amnon, "Hindi! Huwag mong sabihin sa aking umalis. Tinrato mo na ako nang masama, ngunit tinatrato mo ako ngayon nang sobrang sama." Ngunit tumanggi si Amnon na pakinggan si Tamar.

2 Samuel 13:17 Amnon called his servant and said to him, "Take this woman from my room now. Then lock the door."

2 Samuel 13:17 Tinawag ni Amnon ang kanyang alipin at sinabi sa aliping iyon, "Kunin mo na ngayon ang babaeng ito mula sa aking silid. Pagkatapos, ikandado mo ang pinto."

2 Samuel 13:18 So Amnon's servant took Tamar from that house and locked the door. The princesses who were virgins wore beautiful robes. At that time Tamar was wearing one of those robes.

2 Samuel 13:18 Kaya't kinuha ng alipin ni Amnon si Tamar mula sa bahay na iyon at ikinandado ang pinto. Nakasuot ng mga magagandang damit ang mga prinsesang hindi pa sumiping sa mga lalaki. Sa oras na iyon, nakasuot kay Tamar ang isa sa mga damit na iyon.

2 Samuel 13:19 Tamar put ashes on her head and tore that beautiful robe that she was wearing. She put her hands on her head and left. She was crying loudly.

2 Samuel 13:19 Naglagay si Tamar ng mga abo sa kanyang ulo. At pinunit niya ang magandang damit na nakasuot niya. Inilagay niya ang kanyang mga kamay sa kanyang ulo at umalis. Umiiyak siyang malakas.

2 Samuel 13:20 Then Absalom said to Tamar, "Did your older brother named Amnon rape you? My younger sister, don't tell people about Amnon now. Amnon is your older brother. And don't be upset." Then Tamar lived in Absalom's house. She was very lonely.

2 Samuel 13:20 Pagkatapos, sinabi ni Absalom kay Tamar, "Ginahasa ka ba ng iyong nakatatandang kapatid na lalaking si Amnon? Nakababata kong kapatid, huwag mong sabihin ngayon sa mga tao ang tungkol kay Amnon. Si Amnon ay iyong nakatatandang kapatid na lalaki. At huwag kang malungkot." Pagkatapos, nanirahan si Tamar sa bahay ni Absalom. Napakalungkot niya.

2 Samuel 13:21 After King David heard about the thing that Amnon did, he became extremely angry.

2 Samuel 13:21 Matapos marinig ni Haring David ang tungkol sa bagay na ginawa ni Amnon, nagalit siya.

2 Samuel 13:22 And Absalom didn't talk to Amnon. Absalom didn't say good things or bad things to Amnon. Absalom hated Amnon because he slept with his younger sister named Tamar.

2 Samuel 13:22 At hindi kinausap ni Absalom si Amnon. Hindi siya nagsabi ng mga magagandang bagay o mga masasamang bagay kay Amnon. Napoot siya kay Amnon dahil sinipingan niya ang kanyang nakababatang kapatid na babaeng si Tamar.

2 Samuel 13:23 Title: Absalom kills Amnon. Two years later the men who sheared Absalom's sheep were in Baal Hazor. Baal Hazor was near Ephraim's border. At that time Absalom invited all of the king's sons to come to Baal Hazor.

2 Samuel 13:23 Pamagat: Pinatay ni Absalom si Amnon. Makalipas ang dalawang taon, ang mga lalaking naggugupit ng balahibo ng tupa ni Absalom ay nasa Baal-hazor. Ang Baal-hazor ay malapit sa hanggahan ng Efraim. Sa mga panahong iyon, inanyayahan ni Absalom ang mga anak na lalaki ng lahat ng hari na pumunta sa Baal-hazor.

2 Samuel 13:24 Then Absalom went to David and said to him, "I'll pay certain men to shear my sheep. Please will you and your servants come to my feast?"

2 Samuel 13:24 Pagkatapos, pumunta si Absalom kay David at sinabi sa kanya, "Magbabayad ako sa ilang mga lalaki upang gupitin ang balahibo ng aking tupa. Pupunta ka ba at ang iyong mga alipin sa aking pista?"

2 Samuel 13:25 But King David said to Absalom, "My son, no. All of us shouldn't go to your feast. We'll cause you to have a lot of trouble." Absalom begged David to go. But David refused to go. Then he blessed Absalom.

2 Samuel 13:25 Ngunit sinabi ni Haring David kay Absalom, "Anak, hindi. Hindi kami dapat pumunta sa iyong pista. Magkakaroon ka ng maraming kaguluhan." Nagmakaawa si Absalom kay David na pumunta. Ngunit tumanggi si David na pumunta. Pagkatapos, pinagpala niya si Absalom.

2 Samuel 13:26 Then Absalom said, "If you don't go, please let my younger brother named Amnon go with us." King David asked Absalom, "Why should Amnon go with you?"

2 Samuel 13:26 Pagkatapos, sinabi ni Absalom, "Kung hindi ka pupunta, pabayaang mo ang aking nakababatang kapatid na si Amnon ang sumama sa amin." Tinanong ni Haring David si Absalom, "Bakit dapat sumama si Amnon sa iyo?"

2 Samuel 13:27 But Absalom continued begging David to allow Amnon to go. So David allowed Amnon and all of the king's sons to go to the feast with Absalom.

2 Samuel 13:27 Ngunit nagpatuloy magmakaawa si Absalom kay David na pahintulutan si Amnon na pumunta. Kaya't pinahintulutan ni David sina Amnon at ang lahat ng mga anak na lalaki ng hari na pumunta kay Absalom sa pista.

2 Samuel 13:28 Then Absalom ordered his servants, "Watch Amnon. Amnon will become drunk. Then I'll say to you, "Kill Amnon." Then immediately kill Amnon. Don't be afraid. I'm ordering you to kill Amnon. So be strong and brave."

2 Samuel 13:28 Pagkatapos, inutusan ni Absalom ang kanyang mga alipin na, "masdan ninyo si Amnon. Malalasing si Amnon. Pagkatapos, sasabihin ko sa inyo, "Patayin ninyo si Amnon." At kaagad ninyong patayin si Amnon. Huwag kayong matakot. Inuutusan ko kayo na patayin si Amnon. Kaya't magpakalakas kayo at magpakatampang."

2 Samuel 13:29 So Absalom's servants killed Amnon. They obeyed Absalom. Then all of David's sons stood up quickly and got on their mules. And they ran away from there.

2 Samuel 13:29 Kaya't pinatay ng mga alipin ni Absalom si Amnon. Sinunod nila si Absalom. Pagkatapos, mabilis na tumayo ang lahat ng mga anak na lalaki ni David at sinakyan ang kanilang mga mola. At tumakas sila palayo sa lugar na iyon.

2 Samuel 13:30 While the king's sons were riding their mules to David's house, a messenger came to David. That messenger said to David, "Absalom killed all of the king's sons. All of the king's sons are dead."

2 Samuel 13:30 Habang nakasakay ang mga anak na lalaki ng hari sa kanilang mga mola patungo sa bahay ni David, dumating ang isang tagapaghatid balita sa kanya. Sinabi niya kay David, "Pinatay ni Absalom ang lahat ng mga anak na lalaki ng hari. Namatay na ang lahat ng mga anak na lalaki ng hari."

2 Samuel 13:31 Then King David tore his clothes and lay down on the ground. All of David's servants also tore their clothes.

2 Samuel 13:31 Pagkatapos, pinunit ni Haring David ang kanyang mga damit at nahiga sa lupa. Pinunit rin ng lahat ng mga alipin ni David ang kanilang mga damit.

2 Samuel 13:32 Jonadab was one of Shimeah's sons and was David's older brother. Jonadab said to David, "Don't think that all of your sons are dead. Only Amnon is dead. Absalom was planning to kill Amnon because he raped his younger sister named Tamar.

2 Samuel 13:32 Si Jonadab ay isa sa mga anak na lalaki ni Simea at nakatatandang kapatid na lalaki ni David. Sinabi niya kay David, "Huwag mong isipin na namatay na ang lahat ng iyong mga anak na lalaki. Si Amnon lamang ang namatay. Nagplano si Absalom na patayin si Amnon dahil ginahasa niya ang kanyang nakababatang kapatid na si Tamar.

2 Samuel 13:33 My master and my king, don't think that all of your sons are dead. Only Amnon is dead."

2 Samuel 13:33 Panginoon at aking hari, huwag mong isipin na namatay na ang lahat ng iyong mga anak na lalaki. Si Amnon lamang ang namatay."

2 Samuel 13:34 Then Absalom ran away. The guard who was protecting the city saw many people coming there. So he went to the king and said to him, "I see men coming from Horonaim. Those men are on the side of the hill."

2 Samuel 13:34 Pagkatapos, tumakas si Absalom. Nakita ng bantay na nagtatanggol sa bayan ang maraming tao na pupunta sa bayan. Kaya't pumunta siya sa hari at sinabi, "Nakikita ko ang mga lalaki na nanggagaling kay Horonaim. Ang mga lalaking iyon ay nasa gawi ng burol."

2 Samuel 13:35 Then Jonadab said to the king, "Look near those hills. Your sons are coming. I told you that your sons will come."

2 Samuel 13:35 Pagkatapos, sinabi ni Jonadab sa hari, "Tumingin ka malapit sa mga burol na iyon. Dumadating ang iyong mga anak na lalaki. Sinabi ko na sa iyong dadating ang iyong mga anak na lalaki."

2 Samuel 13:36 Then the king's sons came into the palace. They were crying loudly. David and all of his servants also started crying. All of those men cried a lot.

2 Samuel 13:36 Pagkatapos, pumasok ang mga anak na lalaki ng hari sa palasyo. Umiiyak sila nang malakas. Nagsimula ring umiyak sina David at ang lahat ng kanyang mga alipin. Umiyak ang lahat ng mga lalaking iyon.

2 Samuel 13:37 Absalom ran away to Talmi, who was the king of Geshur. Talmi was Ammihud's son. But King David continued mourning for his son named Amnon for many days.

2 Samuel 13:37 Tumakbo si Absalom patungo kay Talmi na hari ng Gesureo. Siya ay anak na lalaki ni Amihud. Ngunit sa loob ng maraming araw ay nagpatuloy magluksa si Haring David para sa kanyang anak na lalaking si Amnon.

2 Samuel 13:38 After Absalom ran away to Geshur, he stayed there for three years.

2 Samuel 13:38 Matapos tumakbo ni Absalom patungo sa Gesureo, nanatili siya sa lugar na iyon sa loob ng tatlong taon.

2 Samuel 13:39 After King David stopped mourning for Amnon, he wanted to go to Absalom.

2 Samuel 13:39 Matapos ang pagluluksa ni Haring David para kay Amnon, ginusto niyang pumunta kay Absalom.

42 minutes

2 Samuel 14:1 Title: Absalom returns to Jerusalem. Joab, who was Zeruah's son, knew that King David missed Absalom very much.

2 Samuel 14:1 Pamagat: Bumalik si Absalom sa Jerusalem. Si Joab na anak na lalaki ni Sarvia ay alam na si Haring David ay naiinip na kay Absalom nang labis.

2 Samuel 14:2 So Joab sent a messenger to a wise woman who was living in Tekoa. That messenger brought that woman to Joab. Then Joab said to that woman, "Pretend to be mourning for a dead person. Put on special clothes that people who are mourning for a dead person wear. Don't clean yourself. Pretend to be mourning for a dead person for many days.

2 Samuel 14:2 Kaya't nagpadala si Joab ng tagapaghatid balita sa isang marunong na babaeng naninirahan sa Tekoa. Dinala ng tagapaghatid balitang iyon ang babae kay Joab. Pagkatapos, sinabi ni Joab sa babaeng iyon, "Magkunwari kang nagluluksa para sa isang namatay na tao. Magsuot ka ng mga mahahalagang damit na isinusuot ng mga taong nagluluksa. Huwag kang maglinis iyong sarili. Magkunwari kang nagluluksa sa loob ng maraming araw.

2 Samuel 14:3 Then go to the king and talk to him." Then Joab told the words that the woman should say to David to her.

2 Samuel 14:3 Pagkatapos, pumunta ka sa hari at kausapin siya." At sinabi ni Joab sa babaeng iyon ang mga salitang dapat niyang sabihin kay David.

2 Samuel 14:4 Then that woman who was from Tekoa went to the king. And she bowed to David to honor him. Then she said to David, "My king, help me!"

2 Samuel 14:4 Pagkatapos, pumunta sa hari ang babaeng nagmula sa Tekoa. At yumukod siya kay David upang parangalan siya. Pagkatapos, sinabi niya kay David, "Aking hari, tulungan mo ako!"

2 Samuel 14:5 King David asked that woman, "Why are you upset?" The woman answered David, "My husband died. My husband is dead.

2 Samuel 14:5 Tinanong ni Haring David ang babaeng iyon, "Bakit ka malungkot?" Sumagot ang babae kay David, "Namatay ang aking asawa. Namatay na siya.

2 Samuel 14:6 I'm your servant. I had two sons. Those two sons fought each other in a field. No person caused my sons to stop fighting. Then one son killed the other son.

2 Samuel 14:6 Ako ay iyong alipin. Mayroon akong dalawang anak na lalaki. Nag-aaway ang dalawang anak na iyon sa bukid. Walang taong makaawat sa aking mga anak na lalaki. Pagkatapos, pinatay ng isa kong anak ang kapatid niya.

2 Samuel 14:7 All of the people who are in my family are angry with me now. They said to me, "Bring to us the son who killed his younger brother. Then we'll kill that son because he killed his younger brother. Then that evil son won't receive the things that your husband owned." I love my son a lot. I don't have other children. And if those people kill my son, my husband won't have a descendant. My husband's name won't exist on the earth."

2 Samuel 14:7 Nagagalit na ngayon sa akin ang lahat ng mga taong mula sa aking angkan. Sinabi nila sa akin, "Dalhin mo sa amin ang anak na lalaking pumatay sa kanyang nakababatang kapatid na lalaki. Pagkatapos, papatayin namin ang anak na iyon dahil pinatay niya ang kanyang nakababatang kapatid. At hindi siya tatanggap ng mga bagay na pag-aari ng iyong asawa." Minamahal ko ang aking anak na lalaki nang labis. Wala na akong ibang anak. At kung papatayin ng mga taong iyon ang aking anak na lalaki, walang magiging lipi ang aking asawa. Hindi mananatili ang pangalan ng aking asawa sa lupa."

2 Samuel 14:8 Then the king said to that woman, "Go to your house. I'll help you."

2 Samuel 14:8 Pagkatapos, sinabi ng hari sa babaeng iyon, "Umuwi ka sa iyong bahay. Tutulungan kita."

2 Samuel 14:9 But that woman said to David, "You're my king and my master. Please forgive me and my family. You didn't do a bad thing."

2 Samuel 14:9 Ngunit sinabi ng babaeng iyon kay David, "Ikaw ay hari at aking panginoon. Pakiusap patawarin mo ako at ang aking pamilya. Wala kang ginawang masamang bagay."

2 Samuel 14:10 King David said, "If a person says a bad thing to you, bring him to me. Then that person won't bother you again."

2 Samuel 14:10 Sinabi ni Haring David, "Kung nagsasabi ang tao ng masamang bagay sa iyo, dalhin mo siya sa akin. Pagkatapos, hindi ka na niya muling iistorbohin."

2 Samuel 14:11 Then that woman said, "Please promise me that those people won't kill my son. Don't allow a person to destroy me." David said, "I promise Yahweh that people certainly won't hurt your son."

2 Samuel 14:11 Pagkatapos, sinabi ng babaeng iyon, "Ipangako mo sa akin na hindi papatayin ng mga taong iyon ang aking anak na lalaki. Huwag mong pahintulutan ang tao na wasakin ako." Sinabi ni David, "Ipinapangako ko kay Yahweh na siguradong hindi sasaktan ng mga tao ang iyong anak na lalaki."

2 Samuel 14:12 Then that woman said, "My king, I'm your servant. Please let me talk to you." Then the king said, "You may talk."

2 Samuel 14:12 Pagkatapos, sinabi ng babaeng iyon, "Aking hari, ako ay iyong alipin. Pabayaang mong magsalita ako sa iyo." Pagkatapos, sinabi ng hari, "Maaari kang magsalita."

2 Samuel 14:13 Then that woman said, "You're the king. Why did you do things that caused God's people to become sad? You sinned against God's people. When you say those words, you prove that you're guilty. You caused your son to leave. And now you won't let your son return."

2 Samuel 14:13 Pagkatapos, sinabi ng babaeng iyon, "Ikaw ang hari. Bakit ka gumawa ng mga bagay na ikalulungkot ng bayan ng Diyos? Nagkasala ka laban sa bayan ng Diyos. Nang sinasabi mo ang mga salitang iyon, nagpapatunay ka na mayroon kang sala. Pinayagan mong umalis ang iyong anak na lalaki. At ngayon ay hindi mo pinapayagang bumalik ang iyong anak na lalaki."

2 Samuel 14:14 All of us have to die. We are like water that a person spills on the ground. A person isn't able to put that water into the jar again. But God doesn't want to chase people away from him. Instead, he allows people to return to him.

2 Samuel 14:14 Dapat tayong lahat ay mamatay. Tayo ay katulad ng tubig na naitapon ng isang tao sa lupa. Hindi na muling mailalagay ng taong iyon ang tubig sa loob tapayan. Ngunit ayaw ng Diyos na lumayo ang mga tao sa Kanya. Sa halip ay pinahihintulutan Niya ang mga tao na bumalik sa Kanya.

2 Samuel 14:15 My king, I came here to say these words to you. Some people caused me to become afraid. I thought, "If I talk to the king, he might help me."

2 Samuel 14:15 Aking hari, pumunta ako dito upang sabihin ang mga salitang ito sa iyo. Nagawa ng mga tao na matakot ako. Naisip ko, "Kung makakausap ko ang hari, baka tulungan niya ako."

2 Samuel 14:16 God gave certain property to me and my son. But a man is trying to take that property away from us. I thought that the king might agree with me. And I thought that the king might protect me from that man."

2 Samuel 14:16 Ibinigay sa akin ng Diyos ang isang ari-arian at sa aking anak na lalaki. Ngunit sinusubukan ng isang lalaki na kunin ang ari-ariang iyon sa amin. Inisip kong baka sumang-ayon ang hari sa akin. At inisip kong baka ipagtanggol ako ng hari mula sa lalaking iyon."

2 Samuel 14:17 Now I say to you, "My king, I hope that your words will protect me from that man. You're like one of God's angels. You know the things that are good and the things that are evil. I hope that your God named Yahweh will be with you.""

2 Samuel 14:17 Sinasabi ko ngayon sa iyo, "Aking hari, umaasa akong ipagtatanggol ako ng iyong mga salita mula sa lalaking iyon. Ikaw ay katulad ng isa sa mga anghel ng Diyos. Alam mo ang mga bagay na magaganda at mga bagay na masasama. Umaasa akong ang iyong Diyos na si Yahweh ang sasama sa iyo.""

2 Samuel 14:18 Then King David said to that woman, "I'll ask you one question. Don't lie to me." That woman said, "My master, please ask me the question."

2 Samuel 14:18 Pagkatapos, sinabi ni Haring David sa babaeng iyon, "Tatanungin kita ng isang tanong. Huwag kang magsinungaling sa akin." Sinabi ng babaeng iyon, "Panginoon, itanong mo sa akin."

2 Samuel 14:19 The king asked, "Did Joab tell you to say these words?" The woman answered, "My master, yes. Your servant named Joab told me to say these words to you."

2 Samuel 14:19 Nagtanong ang hari, "Sinabi ba ni Joab sa iyong sabihin ang mga salitang ito?" Sumagot ang babae, "Panginoon, oo. Ang iyong alipin na si Joab ang nagsabi sa aking sabihin ang mga salitang ito sa iyo."

2 Samuel 14:20 Your servant named Joab wants you to become happy. My master, you're wise like God's angels are wise. You know about all of the things that happen on the earth."

2 Samuel 14:20 Ang iyong alipin na si Joab ay gustong maging masaya ka. Panginoon, marunong ka katulad ng marunong na mga anghel ng Diyos. Alam mo ang tungkol sa lahat ng mga bagay na nangyayari sa lupa."

2 Samuel 14:21 Then David said to Joab, "Ok. I'll keep my promise. Go and bring Absalom to Jerusalem."

2 Samuel 14:21 Pagkatapos, sinabi ni David kay Joab, "Kung gayon, tutuparin ko ang aking pangako. Pumunta ka at dalhin si Absalom sa Jerusalem."

2 Samuel 14:22 Joab bowed to the king to honor him. And Joab blessed the king. Then Joab said, "Today I know that you're pleased with me. My master and my king, you gave me the thing that I asked you for."

2 Samuel 14:22 Yumukod si Joab sa hari upang parangalan siya. At pinagpala niya ang hari at sinabi, "Alam ko ngayon na kinalulugdan mo ako. Panginoon at aking hari, ibinigay mo sa akin ang bagay na hiningi ko sa iyo."

2 Samuel 14:23 Then Joab went to Geshur and brought Absalom to Jerusalem.

2 Samuel 14:23 Pagkatapos, pumunta si Joab sa Gesureo at dinala si Absalom sa Jerusalem.

2 Samuel 14:24 But King David said, "Absalom has to go to his house. Absalom must not see me." So Absalom went to his house and didn't see the king.

2 Samuel 14:24 Ngunit sinabi ni Haring David, "Dapat umuwi si Absalom sa kanyang bahay. Hindi niya ako dapat makita." Kaya't umuwi si Absalom sa kanyang bahay at hindi nakipagkita sa hari.

2 Samuel 14:25 All of the people who were living in Israel thought that Absalom was very handsome. Absalom was very handsome the top of his head the bottom of his feet.

2 Samuel 14:25 Inisip ng lahat ng mga taong naninirahan sa Israel na napakagandang lalaki ni Absalom. Napakagandang lalaki niya mula tuktok ng kanyang ulo hanggang ilalim ng kanyang mga paa.

2 Samuel 14:26 A person cut Absalom's hair one time each year because it became too heavy. Then Absalom weighed his hair. Absalom's hair weighed about five pounds.

2 Samuel 14:26 Minsan sa isang taon ay pinuputol ng isang tao ang mga buhok ni Absalom dahil naging napakabigat ng kanyang mga buhok. Pagkatapos, tinimbang si Absalom ng kanyang mga buhok. Tumimbang ang mga buhok ni Absalom ng halos dalawang kilo.

2 Samuel 14:27 Absalom had three sons and one daughter. Absalom's daughter's name was Tamar. Tamar was very beautiful.

2 Samuel 14:27 Mayroong tatlong anak na lalaki at isang anak na babae si Absalom. Tamar ang pangalan ng anak na babae ni Absalom. Napakaganda ni Tamar.

2 Samuel 14:28 Absalom lived in Jerusalem for two years. But he didn't see King David.

2 Samuel 14:28 Nanirahan si Absalom sa Jerusalem sa loob ng dalawang taon, ngunit hindi niya nakita si Haring David.

2 Samuel 14:29 One day Absalom sent a messenger to Joab. Absalom wanted Joab to go to the king. But Joab refused to come to Absalom. Then Absalom sent another messenger to Joab. But Joab again refused to come.

2 Samuel 14:29 Isang araw, nagpadala si Absalom ng tagapaghatid balita kay Joab. Gusto niyang pumunta si Joab sa hari. Ngunit tumanggi si Joab na pumunta kay Absalom. Pagkatapos, nagpadala si Absalom ng ibang tagapaghatid balita kay Joab. Ngunit tumangging muli si Joab na pumunta.

2 Samuel 14:30 Then Absalom said to his servants, "Joab's field is near my field. Joab is growing barley in his field. Go to Joab's field and burn that barley." So Absalom's servants burned Joab's barley.

2 Samuel 14:30 Pagkatapos, sinabi ni Absalom sa kanyang mga alipin, "Ang bukid ni Joab ay malapit sa aking bukid. May tanim si Joab na sebada sa kanyang bukid. Pumunta kayo sa bukid ni Joab at sunugin ang mga sebadang iyon." Kaya't sinunog ng mga alipin ni Absalom ang sebada ni Joab.

2 Samuel 14:31 Then Joab went to Absalom's house and said to him, "Why did your servants burn my barley?"

2 Samuel 14:31 Pagkatapos, pumunta si Joab sa bahay ni Absalom at sinabi sa kanya, "Bakit sinunog ng iyong mga alipin ang aking mga sebada?"

2 Samuel 14:32 Absalom said to Joab, "I asked you to come to my house. I wanted you for myself to go to the king. And I wanted you to ask the king, "Why did I come from Geshur to Jerusalem? I should have stayed in Geshur!" I want to see the king now. If I sinned, the king should kill me."

2 Samuel 14:32 Sinabi ni Absalom kay Joab, "Pinakiusapan kita na pumunta sa aking bahay. Gusto kong pumunta ka sa hari. At gusto kong tanungin mo ang hari, "Bakit ako naglakbay galing sa Gesureo patungo sa Jerusalem? Dapat akong manatili sa Gesureo!" Gusto kong makita ngayon ang hari. Kung nagkasala ako, dapat akong patayin ng hari."

2 Samuel 14:33 So Joab went to the king and told him about all of the things that Absalom said. Then the king called Absalom. So Absalom went to the king and bowed to him. Then the king kissed Absalom.

2 Samuel 14:33 Kaya't pumunta si Joab sa hari. At sinabi niya sa hari ang tungkol sa lahat ng mga bagay na sinabi ni Absalom. Pagkatapos, tinawag ng hari si Absalom. Kaya't pumunta si Absalom sa hari at yumukod. Pagkatapos, hinalikan ng hari si Absalom.

36 minutes

2 Samuel 15:1 Title: Absalom tries to become the king. Later Absalom bought a chariot and horses and asked fifty men to run in front of him.

2 Samuel 15:1 Pamagat: Sinubukan ni Absalom na maging hari. Nang nagtagal ay bumili si Absalom ng isang karwahe at mga kabayo. At pinakiusapan niya ang 50 kalalakihan na tumakbo sa unahan niya.

2 Samuel 15:2 Each day Absalom woke up early and stood near the gate of the city. People who had problems came to Jerusalem often to talk to King David. They wanted the king to help them. Whenever a person who had a problem came to the city, Absalom called him. And Absalom asked that person, "From which town are you?" The person answered, "I'm from one of the tribes of Israel."

2 Samuel 15:2 Sa bawat araw, maagang gumigising si Absalom at tumayo malapit sa pintuan ng bayan. Madalas na pumunta sa Jerusalem ang mga taong mayroong mga problema upang kausapin si Haring David. Gusto nilang tulungan sila ng hari. Tuwing pumupunta sa bayan ang taong mayroong problema, tinatawag siya ni Absalom. At tinanong niya ang taong iyon, "Saang bayan ka nanggaling?" Sumagot ang tao, "Ako ay nagmula sa isa sa mga angkan ni Israel."

2 Samuel 15:3 Then Absalom said to that person, "I agree with you. But the king's officials won't listen to you."

2 Samuel 15:3 Pagkatapos, sinasabi ni Absalom sa taong iyon, "Sumasang-ayon ako sa iyo. Ngunit hindi ka pakikilingan ng mga opisyal ng hari."

2 Samuel 15:4 And Absalom also said to that person, "I wish that I was a judge! Then I'll help all of the people who have problems!"

2 Samuel 15:4 At sinabi rin ni Absalom sa taong iyon, "Hangad kong ako ay isang hukom! Pagkatapos, tutulungan ko ang lahat ng mga taong mayroong mga problema!"

2 Samuel 15:5 And whenever a person came near Absalom to bow to him, Absalom held his hand. And he greeted that person.

2 Samuel 15:5 At tuwing lumalapit ang isang tao kay Absalom upang yumukod sa kanya, hinahawakan niya ang kanyang kamay nito. At binabati niya ang taong iyon.

2 Samuel 15:6 Many Israelites came to King David to ask him to help them. And Absalom was very kind to all of those Israelites. So the Israelites liked Absalom a lot.

2 Samuel 15:6 Pumunta ang maraming Israelita kay Haring David upang pakiusapan si David na tulungan sila. At napakabuti ni Absalom sa lahat ng mga Israelitang iyon. Kaya't nagustuhan ng mga Israelita si Absalom nang labis.

2 Samuel 15:7 After four years Absalom said to King David, "Let me go to Hebron. Previously I promised Yahweh that I would worship him.

2 Samuel 15:7 Matapos ang apat na taon, sinabi ni Absalom kay Haring David, "Pabayaang mong umalis ako sa Hebron. Noong una ay ipinangako ko kay Yahweh na sasambahin ko Siya.

2 Samuel 15:8 While I was living in Geshur, I made a promise to Yahweh. Geshur is in Aram. I said to Yahweh, "If you allow me to return to Jerusalem, I'll worship you in Hebron.""

2 Samuel 15:8 Gumawa ako ng isang pangako kay Yahweh habang naninirahan ako sa Gesureo. Ang Gesureo ay nasa Aram. Sinabi ko kay Yahweh, "Kung pahihintulutan Mo akong bumalik sa Jerusalem, sasambahin kita sa Hebron.""

2 Samuel 15:9 The king said to Absalom, "You may go." So Absalom went to Hebron.

2 Samuel 15:9 Sinabi ng hari kay Absalom, "Maaari kang pumunta." Kaya't pumunta si Absalom sa Hebron.

2 Samuel 15:10 Then Absalom sent messengers secretly to all of the tribes that were in Israel. Those messengers said to the people, "When you hear trumpets, say, "Absalom is the king in Hebron.""

2 Samuel 15:10 Pagkatapos, nagpadala si Absalom ng mga tagapaghatid balita sa lahat ng mga angkan nasa Israel nang palihim. Sinabi ng mga tagapaghatid balitang iyon sa mga tao, "Kapag narinig ninyo ang mga trumpeta, sabihin ninyong, "Si Absalom ay hari sa Hebron.""

2 Samuel 15:11 200 men who were from Jerusalem went to Hebron with Absalom. Absalom invited those men to go to Hebron. But those men didn't know that Absalom wanted to become the king.

2 Samuel 15:11 Sumama kay Absalom sa Hebron ang 200 lalaking nagmula sa Jerusalem. Inanyayahan ni Absalom ang mga lalaking iyon na pumunta sa Hebron. Ngunit hindi alam ng mga lalaking iyon na gusto ni Absalom na maging hari.

2 Samuel 15:12 While Absalom was offering sacrifices to Yahweh in Hebron, he sent a messenger to Ahithophel. Ahithophel was from Giloh. He advised King David often. Absalom asked Ahithophel to come from Giloh to Hebron. Then many people started following Absalom.

2 Samuel 15:12 Habang naghahandog si Absalom kay Yahweh sa Hebron, nagpadala siya ng tagapaghatid balita kay Ahitofel. Si Ahitofel ay nagmula sa Gilo. Madalas niyang pinayuhan si Haring David. Pinakiusapan ni Absalom si Ahitofel na pumunta sa Hebron. Pagkatapos, nagsimulang sumunod ang maraming tao kay Absalom.

2 Samuel 15:13 A messenger came to Jerusalem to tell David about Absalom. That messenger said, "The Israelites want Absalom to become the king."

2 Samuel 15:13 Pumunta ang isang tagapaghatid balita sa Jerusalem upang sabihin kay David ang tungkol kay Absalom. Sinabi niya, "Gusto ng mga Israelita na maging hari ni Absalom."

2 Samuel 15:14 Then David spoke to all of his officials who were with him in Jerusalem. He said, "We have to immediately leave this place! If we don't leave now, Absalom will catch us. He'll come here quickly to catch us. He wants to destroy us. And he wants to kill all of the people who are living in Jerusalem."

2 Samuel 15:14 Pagkatapos, nagsalita si David sa lahat ng kanyang mga opisyal na kasama niya sa Jerusalem. Sinabi niya, "Dapat tayong umalis dito kaagad! Kung hindi tayo aalis ngayon, huhulihin tayo ni Absalom. Mabilis siyang pupunta dito upang hulihin tayo. Gusto niyang wasakin tayo. At gusto niyang patayin ang lahat ng mga taong naninirahan sa Jerusalem."

2 Samuel 15:15 The king's officials said to David, "We are your servants. We'll obey you."

2 Samuel 15:15 Sinabi ng mga opisyal ng hari kay David, "Kami ay iyong mga alipin. Susundin ka natin."

2 Samuel 15:16 Then the king left his palace. And all of the people who were in the king's palace followed him. But David told ten female slaves to stay in the palace to take care there.

2 Samuel 15:16 Pagkatapos, umalis ang hari sa kanyang palasyo. At sumunod sa kanya ang lahat ng mga taong nasa kanyang palasyo. Ngunit sinabi ni David sa sampung babaeng alipin na manatili upang alagaan ang palasyo.

2 Samuel 15:17 So the king started walking. And all of the king's servants were following him. David and those people stopped walking at the last house.

2 Samuel 15:17 Kaya't nagsimulang maglakad ang hari. At sumusunod ang lahat ng mga alipin ng hari sa kanya. Tumigil na maglakad sina David at ang mga taong iyon sa huling bahay.

2 Samuel 15:18 All of the king's servants marched past David. And all of the Kerethites and Pelethites also marched past David. And the 600 Gittites who came from Gath marched past the king.

2 Samuel 15:18 Naglakad sa unahan ni haring David ang lahat ng mga alipin ng hari. At naglakbay din ang lahat ng mga Kereteo at mga Peleteo sa unahan ni David. At naglakbay sa unahan ng hari ang 600 Geteong nanggaling sa Gat.

2 Samuel 15:19 Then David talked to Ittai, who was from Gath. David asked, "Why are you coming with us? Return to the palace and stay with King Absalom. You're a foreigner.

2 Samuel 15:19 Pagkatapos, kinausap ni David si Itai na nagmula sa Gat. tinanong niya, "Bakit ka sumasama sa amin? Bumalik ka sa palasyo at manatili kasama ni Haring Absalom. Ikaw ay isang dayuhan.

2 Samuel 15:20 You came a few days ago. Why should you go to a different place with us? I don't know the place where I'll go. So return to Jerusalem and take there the other people who came from Gath. I'll pray that God will be kind to you."

2 Samuel 15:20 Dumating ka ilang mga araw lang ang nakalipas. Bakit ka sasama sa amin sa ibang lugar? Hindi ko alam ang lugar na pupuntahan ko. Kaya't bumalik ka sa Jerusalem. At dalhin mo patungo sa Jerusalem ang ibang mga taong nanggaling sa Gat. Mananalangin akong magiging mabuti ang Diyos sa iyo."

2 Samuel 15:21 But Ittai said to David, "I'll certainly stay with you. If you go to a place, I also will go there. I'll stay with you until I die."

2 Samuel 15:21 Ngunit sinabi ni Itai kay David, "Siguradong mananatili ako kasama mo. Kung pupunta ka sa isang lugar, pupunta rin ako sa lugar na iyon. Mananatili ako kasama mo hanggang sa mamatay ako."

2 Samuel 15:22 David said to Ittai, "Ok. Go. Continue marching." So Ittai, who was a Gittite, and all of the men and the families that were with him continued marching.

2 Samuel 15:22 Sinabi ni David kay Itai, "Kung gayon, pumunta ka. Patuloy kang maglakad." Kaya't sina Itai na isang Geteo at lahat ng mga lalaki at mga pamilya na kasama niya ay nagpatuloy maglakbay.

2 Samuel 15:23 All of the people who were staying in Jerusalem cried while David and the people who were following him left the city. Then King David and those people went across the Valley of Kidron. Then David and those people walked toward the desert.

2 Samuel 15:23 Umiyak ang lahat ng mga taong nananatili sa Jerusalem habang umaalis sina David at ang mga taong sumusunod sa kanya. Pagkatapos, tumawid sina Haring David at ang mga taong iyon sa Libis ng Kidron. At naglakad sina David at ang mga taong iyon patungong disyerto.

2 Samuel 15:24 Zadok was walking with David. Zadok and all of the Levites who were with him were carrying God's ark of the covenant. Those men put the ark of the covenant on the ground. Then Abiathar offered sacrifices to God until all of the people left Jerusalem.

2 Samuel 15:24 Naglalakad si Zadok kasama ni David. Daladala ni Zadok at lahat ng mga taong mula sa angkan ng Levi na kasama niya ang Kaban ng Tipan ng Diyos. Inilagay ng mga lalaking iyon ang Kaban ng Tipan sa lupa. Pagkatapos, naghandog si Abiatar sa Diyos hanggang sa umalis ang lahat ng mga tao sa Jerusalem.

2 Samuel 15:25 Then the king said to Zadok, "Take God's ark of the covenant into the city. If Yahweh is pleased with me, he'll bring me here again. And Yahweh will let me see the ark of the covenant and Jerusalem again.

2 Samuel 15:25 Pagkatapos, sinabi ng hari kay Zadok, "Dalhin mo ang Kaban ng Tipan ng Diyos sa loob ng bayan. Kung kinalulugdan ako ni Yahweh, ibabalik Niya ako dito. At pababayaang Niyang makita kong muli ang Kaban ng Tipan at ang Jerusalem.

2 Samuel 15:26 But if Yahweh isn't pleased with me, I'm ready. Yahweh will do to me the thing that he wants to do."

2 Samuel 15:26 Ngunit kung hindi ako kinalulugdan ni Yahweh, handa na ako. Gawin Niya sa akin ang bagay na gusto Niyang gawin."

2 Samuel 15:27 The king also said to the priest named Zadok, "You're a man that God speaks through. Return to the city and take your son named Ahimaaz. And also take Abiathar's son named Jonathan. You and Abiathar take your two sons to Jerusalem.

2 Samuel 15:27 Sinabi rin ng hari sa saserdoteng si Zadok, "Ikaw ay isang lalaking nagsasalita para sa Diyos. Bumalik ka sa bayan at isama ang iyong anak na lalaking si Ahimaaz. At isama mo rin ang anak na lalaki ni Abiatar na si Jonatan. Isama ninyo ni Abiatar ang iyong dalawang anak na lalaki patungo sa Jerusalem.

2 Samuel 15:28 I'll wait in the desert at the river until you send a message to me."

2 Samuel 15:28 Maghihintay ako sa disyerto at sa ilog hanggang sa magpadala ka ng mensahe sa akin."

2 Samuel 15:29 So Zadok and Abiathar took God's ark of the covenant to Jerusalem. And those two men stayed in Jerusalem.

2 Samuel 15:29 Kaya't dinala nina Zadok at Abiatar ang Kaban ng Tipan ng Diyos sa Jerusalem. At nanatili sila sa Jerusalem.

2 Samuel 15:30 But David continued walking up the Mount of Olives. He was crying while he walked. He covered his head and didn't wear his shoes. All of the people who were with David also covered their heads. And they also cried while they walked.

2 Samuel 15:30 Ngunit nagpatuloy umakyat si David sa Bundok ng Olibo. Umiiyak siya habang naglalakad. Tinakpan niya ang kanyang ulo at hindi isinuot ang kanyang mga sandalyas. Tinakpan din ng mga taong iyon at lahat ng mga taong kasama ni David ang kanilang mga ulo. At umiyak rin sila habang naglalakad.

2 Samuel 15:31 A person said to David, "Ahithophel is helping Absalom." So David prayed, "Yahweh, please cause Ahithophel to advise Absalom to do a foolish thing."

2 Samuel 15:31 Sinabi ng isang tao kay David, "Tinutulungan ni Ahitofel si Absalom." Kaya't nanalangin si David, "Yahweh, gawin Mong magpayo si Ahitofel kay Absalom na gumawa ng hangal na bagay."

2 Samuel 15:32 Then David walked to the top of the mountain. Previously people worshiped God there. Hushai, who was an Arkite, was there to meet David. Hushai tore his robe and put dust on his head.

2 Samuel 15:32 Pagkatapos, naglakad si David patungo sa tuktok ng bundok. Noong una ay sinamba ng mga tao ang Diyos sa lugar na iyon. Si Cusai na isang Araceo ay nasa lugar na iyon upang makipagtagpo kay David. Pinunit niya ang kanyang damit at naglagay ng alabok sa kanyang ulo.

2 Samuel 15:33 David said to Hushai, "If you go with me, I have to take care of you.

2 Samuel 15:33 Sinabi ni David kay Cusai, "Kung sasama ka sa akin, aalagaan kita.

2 Samuel 15:34 But if you return to the city, you'll be able to trick Absalom. Say to Absalom, "My king, I'll be your servant. Previously I served your father. But I'll serve you now." Then whenever Ahithophel advises Absalom, you'll advise him to do other things.

2 Samuel 15:34 Ngunit kung babalik ka sa bayan, maaari mong linlangin si Absalom. Sabihin mo kay Absalom, "Aking hari, ako ay iyong alipin. Noong una ay naglingkod ako sa iyong ama, ngunit maglilingkod na ako ngayon sa iyo." Pagkatapos, tuwing pinapayuhan ni Ahitofel si Absalom, papayuhan mo siyang gawin ang ibang mga bagay.

2 Samuel 15:35 Zadok and Abiathar are priests. They'll be with you. Tell Zadok and Abiathar about all of the things that you hear in the king's palace.

2 Samuel 15:35 Sina Zadok at Abiatar ay mga saserdote. Sila ay kasama mo. Sabihin mo kina Zadok at Abiatar ang tungkol sa lahat ng mga bagay na nadinig mo sa palasyo ng hari.

2 Samuel 15:36 Zadok's son named Ahimaaz and Abiathar's son named Jonathan are with them. Whenever you hear about Absalom's plans, send Ahimaaz and Jonathan to me."

2 Samuel 15:36 Ang anak na lalaki ni Zadok na si Ahimaaz at anak na lalaki ni Abiatar na si Jonatan ay kasama ni Zadok at Abiatar. Tuwing maririnig mo ang tungkol sa mga plano ni Absalom, ipadala mo sina Ahimaaz at Jonatan sa akin."

2 Samuel 15:37 So David's friend named Hushai returned to Jerusalem. While Absalom was entering Jerusalem, Hushai entered it.

2 Samuel 15:37 Kaya't ang kaibigan ni David na si Cusai ay bumalik sa Jerusalem. Habang pumapasok si Absalom sa Jerusalem, pumasok si Cusai sa Jerusalem.

40 minutes

2 Samuel 16:1 Title: Ziba meets David. David started walking down the Mount of Olives. A man named Ziba was waiting to meet David. Ziba was Mephibosheth's servant. Ziba had several donkeys that were carrying 200 loaves of bread, one hundred raisin cakes, and one hundred fig cakes. Those donkeys also carried a bag that contained wine.

2 Samuel 16:1 Pamagat: Nagtagpo sina Ziba at David. Nagsimulang maglakad pababa ng Bundok ng Olibo si David. Ang isang lalaking nagngangalang Ziba ay naghihintay upang makatagpo si David. Si Ziba ay alipin ni Mefiboset. Mayroon siyang ilang asnong nagdadala ng 200 tinapay, 100 kakaning pasas, at 100 kakaning igos. May dala rin ang mga itong sisidlang mayroong alak.

2 Samuel 16:2 Then David asked Ziba, "Why did you bring these things?" Ziba answered David, "Your family may ride these donkeys. And your servants may eat the bread and the cakes. If people become tired in the desert, they may drink the wine."

2 Samuel 16:2 Pagkatapos, tinanong ni David si Ziba, "Bakit mo dinala ang mga bagay na ito?" Sumagot si Ziba kay David, "Maaaring sakyan ng iyong pamilya ang mga asnong ito. At maaaring kainin ng iyong mga alipin ang tinapay at mga kakanin. Kapag napagod ang mga tao sa disyerto, maaari nilang inumin ang alak."

2 Samuel 16:3 Then the king asked, "Where is Mephibosheth?" Ziba answered the king, "Mephibosheth is staying in Jerusalem. Mephibosheth thinks, "Today the Israelites will give my grandfather's kingdom to me.""

2 Samuel 16:3 Pagkatapos, nagtanong ang hari, "Nasaan si Mefiboset?" Sumagot si Ziba sa hari, "Nananatili si Mefiboset sa Jerusalem. Iniisip niya, "Ibibigay sa akin ng mga Israelita ang kaharian ng aking lolo ngayong araw.""

2 Samuel 16:4 Then the king said to Ziba, "I'll give you all of the things that belong to Mephibosheth." Then Ziba said, "I bow to you. My master and my king, I hope that I'll always please you."

2 Samuel 16:4 Pagkatapos, sinabi ng hari kay Ziba, "Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng mga bagay na kay Mefiboset." At sinabi ni Ziba, "Yumuyukod ako sa iyo. Panginoon ko at hari, umaasa akong palagi akong magbibigay kaluguran sa iyo."

2 Samuel 16:5 Title: Shimei curses David. When King David was near Bahurim, a man named Shimei was coming out from there. Shimei was one of Saul's relatives. He was Gera's son. While Shimei was walking from that city, he was cursing David.

2 Samuel 16:5 Pamagat: Isinumpa ni Simei si David. Nang si Haring David ay malapit sa Bahurim, ang isang lalaking nagngangalang Simei ay lumabas mula sa lugar na iyon. Si Simei ay isa sa mga kamag-anak ni Saul. Siya ay anak na lalaki ni Gera. Habang naglalakad si Simei mula sa bayang iyon, minumura niya si David.

2 Samuel 16:6 Then Shimei started throwing stones at David and his officials. But David's soldiers and his guards were standing around him.

2 Samuel 16:6 Pagkatapos, nagsimulang maghagis si Simei ng mga bato kay David at sa kanyang mga opisyal. Ngunit nakatayo ang mga kawal at mga bantay ni David paikot sa kanya.

2 Samuel 16:7 While Shimei was cursing David, he said to David, "Leave this place! Leave this place! You murdered my family and caused us to have a lot of trouble!

2 Samuel 16:7 Habang minumura ni Simei si David, sinabi niya kay David, "Umalis ka dito! Umalis ka dito! Pinatay mo ang aking pamilya. At nagawa mong dumami ang aming kaguluhan!

2 Samuel 16:8 Yahweh is punishing you because you killed Saul's family. You were ruling Israel instead of Saul. But now Yahweh will let your son named Absalom become the king. God is destroying you because you killed many people!"

2 Samuel 16:8 Pinarurusahan ka ni Yahweh dahil pinatay mo ang pamilya ni Saul. Pinamamahalaan mo ang Israel kapalit ni Saul. Ngunit pababayaang ngayon ni Yahweh ang iyong anak na lalaking si Absalom na maging hari. Sinisira ka ng Diyos dahil pumatay ka ng maraming tao!"

2 Samuel 16:9 Then Abishai, who was Zeruiah's son, said to the king, "Why is this dead dog cursing you? You're the king! Let me cut off this man's head."

2 Samuel 16:9 Pagkatapos, si Abisai na anak na lalaki ni Sarvia ay nagsabi sa hari, "Bakit minumura ka ng patay na asong ito? Ikaw ang hari! Pabayaang mong pugutin ko ang ulo ng lalaking ito."

2 Samuel 16:10 But the king said to Abishai, "Zeruiah's sons, this man isn't cursing you. Perhaps this man is cursing me because Yahweh told him to curse me. Then we shouldn't ask, "Why are you cursing David?"

2 Samuel 16:10 Ngunit sinabi ng hari kay Abisai, "Mga anak ni Sarvia, hindi kayo minumura ng lalaking ito. Maaaring minumura niya ako dahil sinabi ni Yahweh sa kanya na murahin ako. Pagkatapos, hindi tayo dapat magtanong, "Bakit mo minumura si David?"

2 Samuel 16:11 Then David said to Abishai and all of his officials, "My son is trying to kill me. But this man is in the tribe of Benjamin. Don't touch this man. Let this man curse me because Yahweh told this man to curse me.

2 Samuel 16:11 Pagkatapos, sinabi ni David kay Abisai at sa lahat ng kanyang mga opisyal, "Sinusubukan ng aking anak na lalaki na patayin ako. Ngunit mula sa angkan ng Benjamin ang lalaking ito. Huwag ninyong galawin ang lalaking ito. Pabayaang ninyong murahin ako ng lalaking ito dahil sinabi ni Yahweh sa kanya na murahin ako.

2 Samuel 16:12 Perhaps Yahweh will see that I'm very sad. Then Yahweh might stop cursing me. And Yahweh might cause good things to happen to me."

2 Samuel 16:12 Maaaring makita ni Yahweh na napakalungkot ko. Pagkatapos, maaaring tumigil na siyang isumpa ako. At baka gawin Niyang mapangyari ang mga magagandang bagay sa akin."

2 Samuel 16:13 So David and the people who were following him continued walking on the road. But Shimei continued following David. Shimei was walking on the hills that were near David. And he continued cursing David and continued throwing stones and dirt at him.

2 Samuel 16:13 Kaya't nagpatuloy maglakad sina David at ang mga taong sumusunod sa kanya sa daan, ngunit patuloy sumunod si Simei kay David. Naglalakad siya sa mga burol na malapit kay David at nagpatuloy siyang murahin si David. At nagpatuloy siyang maghagis ng mga bato at lupa kay David.

2 Samuel 16:14 Later the king and all of the people who were following him arrived at the Jordan River. Those people were very tired. So they rested there.

2 Samuel 16:14 Nang nagtagal ay dumating ang hari at lahat ng mga taong sumusunod sa kanya sa Ilog Jordan. Sobrang pagod na sila. Kaya't nagpahinga sila sa lugar na iyon.

2 Samuel 16:15 At that time Absalom and other people who lived in Israel came to Jerusalem. And Ahithophel was with Absalom.

2 Samuel 16:15 Sa oras na iyon, pumunta sina Absalom at ang ibang mga taong nanirahan sa Israel sa Jerusalem. At si Ahitofel ay kasama ni Absalom.

2 Samuel 16:16 Then Hushai, who was David's friend, went to Absalom. Hushai, who was an Arkite, said to Absalom, "I hope that my king will live for many years!"

2 Samuel 16:16 Pagkatapos, si Cusai na kaibigan ni David ay nagpunta kay Absalom. Siya na isang Araceo ang nagsabi kay Absalom, "Umaasa akong mabubuhay ang aking hari sa loob ng maraming taon!"

2 Samuel 16:17 Absalom asked Hushai, "Did you stop loving your friend named David? If David is your friend, why didn't you leave Jerusalem with him?"

2 Samuel 16:17 Tinanong ni Absalom si Cusai, "Tumigil ka na bang mahal in ang iyong kaibigang si David? Kung si David ay iyong kaibigan, bakit ka hindi umalis sa Jerusalem kasama niya?"

2 Samuel 16:18 Hushai said to Absalom, "I'll serve the king that Yahweh, all of these people, and the Israelites choose. I'll stay with that king.

2 Samuel 16:18 Sinabi ni Cusai kay Absalom, "Maglilingkod ako sa haring pinipili ni Yahweh, ng lahat ng mga taong ito, at mga Israelita. Mananatili ako kasama ng haring iyon.

2 Samuel 16:19 Previously I served your father. But I serve you now. I'll serve you like I served your father."

2 Samuel 16:19 Noong una ay naglingkod ako sa iyong ama, ngunit naglilingkod na ako ngayon sa iyo. Maglilingkod ako sa iyo katulad ng paglingkod ko sa iyong ama."

2 Samuel 16:20 Title: Ahithophel advises Absalom. Later Absalom said to Ahithophel, "Advise us. What should we do?"

2 Samuel 16:20 Pamagat: Pinayuhan ni Ahitofel si Absalom. Nang nagtagal ay sinabi ni Absalom kay Ahitofel, "Payuhan mo kami. Ano ang dapat naming gawin?"

2 Samuel 16:21 Ahithophel answered, "Your father left several female concubines in Jerusalem so that they could care for the palace. Sleep with those concubines. Then all of the people who are living in Israel will know that you're your father's enemy. Then the people who are helping you'll follow you happily."

2 Samuel 16:21 Sumagot si Ahitofel, "Iniwan ng iyong ama ang ilang babaeng asawang lingkod sa Jerusalem upang pamahalaan ng mga babaeng iyon ang palasyo. Sipingan mo ang mga asawang lingkod na iyon. Pagkatapos, malalaman ng lahat ng mga taong naninirahan sa Israel na ikaw ay kaaway ng iyong ama. At susunod nang masaya sa iyo ang mga taong nakatulong sa iyo."

2 Samuel 16:22 So several men put a tent on the roof of the palace for Absalom. Then Absalom slept with David's female concubines. Many people who were living in Israel saw that tent.

2 Samuel 16:22 Kaya't naglagay ang ilang lalaki ng tolda sa bubong ng palasyo para kay Absalom. Pagkatapos, sinipingan ni Absalom ang mga babaeng asawang lingkod ni David. Nakita ang toldang iyon ng maraming taong naninirahan sa Israel.

2 Samuel 16:23 At that time people thought that Ahithophel advised people very well like a person who talks to God advises people well. David and Absalom thought that Ahithophel advised people well.

2 Samuel 16:23 Sa mga panahong iyon, iniisip ng mga tao na nagpapayong mabuti si Ahitofel sa mga tao katulad ng pagpapayong mabuti ng mga tao ng taong nagkikipag-usap sa Diyos. Inisip nina David at Absalom na nagpapayong mabuti si Ahitofel sa mga tao.

24 minutes

2 Samuel 17:1 Ahithophel said to Absalom, "Let me choose 12,000 men. Then I'll chase David tonight.

2 Samuel 17:1 Sinabi ni Ahitofel kay Absalom, "Pabayaang mong pumili ako ang 12,000 lalaki. Pagkatapos, hahabulin ko si David ngayong gabi.

2 Samuel 17:2 I'll attack David while he is tired and weak. I'll attack David viciously so that all of his people would run away from him. But I'll kill only the king.

2 Samuel 17:2 Lulusubin ko si David habang nanghihina at pagod siya. Lulusubin kong mabuti si David upang tumakbo ang lahat ng kanyang mga tao palayo sa kanya. Ngunit papatayin ko lamang ang hari.

2 Samuel 17:3 Then I'll bring all of those people to you. If you kill David, all of the other people will return to Jerusalem. I won't hurt those other people."

2 Samuel 17:3 Pagkatapos, dadalhin ko ang lahat ng mga taong iyon sa iyo. Kung mapatay mo si David, babalik ang lahat ng mga tao sa Jerusalem. Hindi ko sasaktan ang mga taong iyon."

2 Samuel 17:4 Absalom and all of the leaders of Israel liked that plan.

2 Samuel 17:4 Nagustuhan ni Absalom at ng lahat ng mga pinuno ng Israel ang planong iyon.

2 Samuel 17:5 But Absalom said, "Call Hushai, who is an Arkite. I want to hear the things that Hushai will say."

2 Samuel 17:5 Ngunit sinabi ni Absalom, "Tawagin ninyo si Cusai na Araceo. Gusto kong dinggin ang mga bagay na sasabihin niya."

2 Samuel 17:6 So Hushai came to Absalom. Then Absalom told Hushai about the things that Ahithophel said. Then Absalom asked Hushai, "Should we do the things that Ahithophel said? If you don't think that we should do those things, you advise us."

2 Samuel 17:6 Kaya't pumunta si Cusai kay Absalom. Pagkatapos, sinabi ni Absalom kay Cusai ang tungkol sa mga bagay na sinabi ni Ahitofel at nagtanong, "Dapat ba naming gawin ang mga bagay na sinabi ni Ahitofel? Kung hindi mo iniisip na dapat naming gawin ang mga bagay na iyon, payuhan mo kami."

2 Samuel 17:7 Hushai said to Absalom, "Ahithophel didn't advise you well.

2 Samuel 17:7 Sinabi ni Cusai kay Absalom, "Hindi ka pinayuhang mabuti ni Ahitofel.

2 Samuel 17:8 You know that your father and the soldiers who are with him fight very well. Those men fight like a bear who is protecting his cubs fights. Your father fought his enemies for many years and won't sleep during the night with the soldiers.

2 Samuel 17:8 Alam mong mahusay na mandirigma ang iyong ama at ang mga kawal na kasama niya. Dumirigma ang mga lalaking iyon katulad ng pangdirigma ng isang osong nagtatanggol sa mga anak nito. Dinigma ng iyong ama ang kanyang mga kaaway sa loob ng maraming taon at hindi siya matutulog sa gabi kasama ng mga kawal.

2 Samuel 17:9 Your father is probably hiding in a cave. If your father attacks your soldiers, people will hear about that battle. And they'll say, "David's soldiers killed many of Absalom's soldiers."

2 Samuel 17:9 Marahil nagtatago ang iyong ama sa isang yungib. Kapag nilusob ng iyong ama ang iyong mga kawal, maririnig ng mga tao ang tungkol sa labanang iyon. At sasabihin nila, "Pinatay ng mga kawal ni David ang maraming kawal ni Absalom."

2 Samuel 17:10 Then your soldiers who are very brave and all of the other soldiers will become afraid. All of the people who are living in Israel know that your father fights very well. And all of the people who are living in Israel also know that your father's soldiers are brave.

2 Samuel 17:10 Pagkatapos, matatakot ang iyong mga kawal na napakatapang at lahat ng ibang mga kawal. Alam ng lahat ng mga taong naninirahan sa Israel na mahusay na mandirigma ang iyong ama. At alam rin ng lahat ng mga taong naninirahan sa Israel na matatapang ang mga kawal ng iyong ama.

2 Samuel 17:11 I advise you to do these things. Call all of the Israelites. All of the Israelites have to come to you. So many people will be here. Then you lead those people and go to fight David.

2 Samuel 17:11 Pinapayuhan kitang gawin ang mga bagay na ito. Tawagin mo ang lahat ng mga Israelita. Dapat pumunta ang lahat ng mga Israelita sa iyo. Kaya't maraming tao ang paparito. Pagkatapos, pangunahan mo ang mga taong iyon. At lumakad ka upang digmain si David.

2 Samuel 17:12 Then we'll attack David at the place where he is hiding. And we'll completely surround David. Then we'll kill David and all of his soldiers.

2 Samuel 17:12 Pagkatapos, lulusubin natin si David sa lugar kung saan siya nagtatago si David at ganap nating palilibutan siya. At papatayin natin sina David at ang lahat ng kanyang mga kawal.

2 Samuel 17:13 If David runs into a city, the Israelites will bring ropes there. And we'll pull that city into a valley. We'll completely destroy that city."

2 Samuel 17:13 Kung tatakbo si David sa loob ng bayan, magdadala ang mga Israelita ng mga lubid sa bayang iyon. At hihilahin natin ang bayang iyon sa libis. Ganap nating wawasakin ang bayang iyon."

2 Samuel 17:14 Absalom and all of the Israelites said, "Hushai's plan is better than Ahithophel's plan." Yahweh caused the Israelites to listen to Hushai because he was planning to destroy Absalom.

2 Samuel 17:14 Sinabi ni Absalom at lahat ng mga Israelita, "Higit na maganda ang plano ni Cusai kaysa plano ni Ahitofel." Ginawa ni Yahweh na pakinggan ng mga Israelita si Cusai dahil nagpaplano Siyang wasakin si Absalom.

2 Samuel 17:15 Then Hushai talked to the priests named Zadok and Abiathar. He told the priests about Ahithophel's plan and also told them about his plan.

2 Samuel 17:15 Pagkatapos, kinausap ni Cusai ang mga saserdote na sina Zadok at Abiatar. Sinabi niya sa mga saserdote ang tungkol sa plano ni Ahitofel at sinabi rin sa mga saserdote ang tungkol sa kanyang plano.

2 Samuel 17:16 Then Hushai said to the priests, "Send a messenger to David quickly. Tell David to immediately leave that place that is near the Jordan River in the desert. And tell David to go immediately across the Jordan River. If David doesn't go across the Jordan River, Absalom will catch him and all of the people who are with him."

2 Samuel 17:16 Pagkatapos, sinabi ni Cusai sa mga saserdote, "Mabilis kayong magpadala ng tagapaghatid balita kay David. Sabihin ninyo kay David na kaagad umalis sa lugar na malapit sa Ilog Jordan na nasa disyerto. At sabihin ninyo kay David na kaagad tumawid sa Ilog Jordan. Kung hindi siya tatawid sa Ilog Jordan, mahuhuli siya ni Absalom at ang lahat ng mga taong kasama niya."

2 Samuel 17:17 Jonathan and Ahimaaz were staying at En Rogel. They didn't want people to see them entering the city. So a female servant went to Jonathan and Ahimaaz to tell the message to them. Then Jonathan and Ahimaaz went to King David.

2 Samuel 17:17 Nananatili sina Jonatan at Ahimaaz sa En-rogel. Ayaw nilang makita sila ng mga tao na pumapasok sa bayan. Kaya't pumunta ang isang babaeng alipin kina Jonatan at Ahimaaz upang sabihin ang mensahe sa kanila. Pagkatapos, pumunta sina Jonatan at Ahimaaz kay Haring David.

2 Samuel 17:18 But a certain young man saw Jonathan and Ahimaaz. That man told Absalom that Jonathan and Ahimaaz were waiting outside the city. So Jonathan and Ahimaaz ran away quickly. Then they went to a man's house that was in Bahurim. A well was near that man's house. So Jonathan and Ahimaaz entered that well.

2 Samuel 17:18 Ngunit nakita ng isang kabataang lalaki sina Jonatan at Ahimaaz. Sinabi niya kay Absalom na naghihintay sina Jonatan at Ahimaaz sa labas ng bayan. Kaya't mabilis na tumakas si Jonatan at Ahimaaz . Pagkatapos, pumunta sila sa bahay ng lalaking nasa Bahurim. Mayroong balon malapit sa bahay ng lalaking iyon. Kaya't pumasok sina Jonatan at Ahimaaz sa balong iyon.

2 Samuel 17:19 Then that man's wife put a blanket over the well. Then that woman scattered grain on that blanket. People didn't know that Jonathan and Ahimaaz were hiding in that well.

2 Samuel 17:19 Pagkatapos, naglagay ang asawa ng lalaking iyon ng kumot sa ibabaw ng balon. At kinalatan ng babaeng iyon ng mga butil sa ibabaw ng kumot na iyon. Hindi alam ng mga tao na nagtatago sina Jonatan at Ahimaaz sa balong iyon.

2 Samuel 17:20 Then Absalom's servants came to that woman and asked her, "Where are Ahimaaz and Jonathan?" That woman said to those servants, "Ahimaaz and Jonathan already went across the river." Then Absalom's servants started searching for Jonathan and Ahimaaz. But they didn't find Jonathan or Ahimaaz. So they returned to Jerusalem.

2 Samuel 17:20 Pagkatapos, pumunta ang mga alipin ni Absalom sa babaeng iyon at nagtanong, "Nasaan sina Ahimaaz at Jonatan?" Sinabi ng babaeng iyon sa mga alipin, "Tumawid na sina Ahimaaz at Jonatan sa ilog." Pagkatapos, nagsimulang hanapin ng mga alipin ni Absalom sina Jonatan at Ahimaaz, ngunit hindi nila sila natagpuan. Kaya't bumalik sila sa Jerusalem.

2 Samuel 17:21 After Absalom's servants left that house, Jonathan and Ahimaaz came out from the well. Then they went to King David. Jonathan said to David, "Go across the river quickly. Ahithophel advised Absalom to attack you."

2 Samuel 17:21 Nang umalis ang mga alipin ni Absalom sa bahay na iyon, lumabas sina Jonatan at Ahimaaz mula sa balon. Pagkatapos, pumunta sila kay Haring David. Sinabi ni Jonatan kay David, "Mabilis kang tumawid sa ilog. Pinayuhan ni Ahitofel si Absalom na lusubin ka."

2 Samuel 17:22 So David and all of the people who were with him went across the Jordan River. Before the sun started rising, all of the people went across the Jordan River.

2 Samuel 17:22 Kaya't tumawid sina David at ang lahat ng mga tao na kasama niya sa Ilog Jordan. Bago nagsimulang sumikat ang araw, nakatawid silang lahat sa Ilog Jordan.

2 Samuel 17:23 Ahithophel became very upset because the Israelites didn't listen to him. So he rode his donkey to the city where he was born. He ordered his servants to do certain things for his family. Then he hung himself. After Ahithophel died, his family buried his body in his father's tomb.

2 Samuel 17:23 Naging napakalungkot ni Ahitofel dahil hindi siya pinakinggan ng mga Israelita. Kaya't sinakyan niya ang kanyang asno patungo sa bayang kung saan siya isinilang. Inutusan niya ang kanyang mga alipin na gawin ang ilang mga bagay para sa kanyang pamilya. Pagkatapos, nagbigti siya sa kanyang sarili. Pagkamatay ni Ahitofel, inilibing ng kanyang pamilya ang kanyang katawan sa libingan ng kanyang ama.

2 Samuel 17:24 Title: Absalom dies. David went to Mahanaim. And Absalom and many Israelites went across the Jordan River.

2 Samuel 17:24 Pamagat: Namatay si Absalom. Pumunta si David sa Mahanaim. At tumawid sina Absalom at ang maraming Israelita sa Ilog Jordan.

2 Samuel 17:25 Absalom chose a man named Amasa to become the captain of the army. Previously Joab was the captain of the army. Amasa was Jether's son. Jether was Ishmael's descendant. Amasa's mother's name was Abigail. Abigail was Nahash's daughter and was Zeruah's older sister. Zeruah was Joab's mother.

2 Samuel 17:25 Itinalaga ni Absalom ang isang lalaking nagngangalang Amasa para maging kapitan ng hukbo. Noong una ay si Joab ang kapitan ng hukbo. Si Amasa ay anak na lalaki ni Jeter. Si Jeter ay nasa lipi ni Ismael. Abigail ang pangalan ng ina ni Amasa. Si Abigail ay anak na babae ni Nahash at nakatatandang kapatid na babae ni Sarvia. Si Sarvia ay ina ni Joab.

2 Samuel 17:26 The Israelites and Absalom camped in Gilead.

2 Samuel 17:26 Nagkampo ang mga Israelita at si Absalom sa Gilead.

2 Samuel 17:27 When David came to Mahanaim, men named Shobi, Makir, and Barzillai were there. Shobi was Nahash's son. Shobi was from the town named Rabbah. Rabbah was in Aram. Makir was Ammiel's son. Makir was from Lo Debar. And Barzillai was from Rogelim. Rogelim was in Gilead.

2 Samuel 17:27 Nang pumunta si David sa Mahanaim, ang mga lalaking nagngangalang Sobi, Maquir, at Barzilai ay nasa lugar na iyon. Si Sobi ay anak na lalaki ni Nahas. Siya ay nagmula sa bayan ng Rabba na nasa Aram. Si Maquir ay anak na lalaki ni Amiel. Siya ay nagmula sa Lo-debar. At si Barzilai ay nagmula sa Rogelim na nasa Gilead.

2 Samuel 17:28 Those three men brought beds, bowls, and pots. They also brought wheat, barley, flour, grain that people roasted, beans, and small peas.

2 Samuel 17:28 Nagdala ang tatlong lalaking iyon ng mga kama, mga mangkok, at mga palayok. Nagdala rin sila ng mga trigo, sebada, harina, mga butil na inihaaw ng mga tao, mga habas, at maliliit na mga lentehas.

2 Samuel 17:29 Those men also brought honey, milk, sheep, and cheese. They brought those things so that David and the people who were with him could eat them. They said, "The people are very tired, hungry, and thirsty in the desert."

2 Samuel 17:29 Nagdala rin ang mga lalaking iyon ng pulot, gatas, tupa, at keso. Dinala nila ang mga bagay na iyon upang kainin ni David at ng mga taong kasama niya. Sinabi nila, "Nagugutom at sobrang pagod at uhaw ang mga taong nasa disyerto."

35 minutes

2 Samuel 18:1 David called all of the men who were with him. Then he appointed officers. Certain officers led one thousand men. And other officers led one hundred men.

2 Samuel 18:1 Tinawag ni David ang lahat ng mga lalaking kasama niya at nagtalaga siya ng mga opisyal. Pinangunahan ng ilang mga opisyal ang may 1,000 lalaki. At pinangunahan ng iba ang 100 lalaki.

2 Samuel 18:2 Then David sent those men to fight Absalom's soldiers. Joab led one group of soldiers. Joab's younger brother named Abishai led another group of soldiers. Abishai was Zeruah's son. And Ittai led the last group of soldiers. He was a Gittite. King David said to all of those soldiers, "I'll certainly march with you."

2 Samuel 18:2 Pagkatapos, ipinadala ni David ang mga lalaking iyon upang digmain ang mga kawal ni Absalom. Pinangunahan ni Joab ang isang grupo ng mga kawal. Ang nakababatang kapatid na lalaki ni Joab na si Abisai ang nanguna sa ibang grupo ng mga kawal. Si Abisai ay anak na lalaki ni Sarvia. At pinangunahan ni Itai ang huling grupo ng mga kawal. Siya ay isang Geteo. Sinabi ni Haring David sa lahat ng mga kawal na iyon, "Siguradong maglalakad ako kasama ninyo."

2 Samuel 18:3 But the soldiers said to David, "You must not go with us. Absalom's men want to kill you. They don't want to kill us. So you should stay in the city. If we have trouble, you'll help us."

2 Samuel 18:3 Ngunit sinabi ng mga kawal kay David, "Hindi ka dapat sumama sa amin. Gusto ng mga tauhan ni Absalom na patayin ka. Ayaw nilang patayin kami. Kaya't dapat kang manatili sa bayan. Kung mayroon kaming problema, tutulong ka sa amin."

2 Samuel 18:4 The king said to those soldiers, "Ok. If you think that I should stay here, I'll stay here." So while all of the soldiers were marching from the city, the king stood near the gate. Certain groups of soldiers had one hundred soldiers. And other groups of soldiers had one thousand soldiers.

2 Samuel 18:4 Sinabi ng hari sa mga kawal na iyon, "Kung gayon, kung iniisip ninyong dapat akong manatili dito, mananatili ako dito." Kaya't habang naglalakad ang lahat ng mga kawal mula sa bayan, nakatayo ang hari malapit sa pintuan. Mayroong 100 kawal ang ilang mga grupo. At mayroong 1,000 ang ibang mga grupo ng mga kawal.

2 Samuel 18:5 Then the king commanded Joab, Abishai, and Ittai, "Be kind to the young man named Absalom for me." All of the soldiers heard David commanding the officers to be kind to Absalom.

2 Samuel 18:5 Pagkatapos, inutusan ng hari sina Joab, Abisai, at Itai, "Maging mabuti kayo sa kabataang lalaking si Absalom para sa akin." Narinig ng lahat ng mga kawal si David na nag-uutos sa mga opisyal na maging mabuti kay Absalom.

2 Samuel 18:6 Then David's army marched from the city to fight the Israelites who were following Absalom. Those soldiers fought each other in the forest that was in the region of Ephraim.

2 Samuel 18:6 Pagkatapos, naglakbay ang hukbo ni David mula sa bayan upang digmain ang mga Israelitang sumusunod kay Absalom. Naglaban ang mga kawal na iyon sa gubat na nasa rehiyon ng Efraim.

2 Samuel 18:7 David's soldiers defeated the Israelites. Many soldiers died on that day. 20,000 men died.

2 Samuel 18:7 Tinalo ng mga kawal ni David ang mga Israelita. Namatay ang maraming kawal sa araw na iyon. Namatay ang 20,000 lalaki.

2 Samuel 18:8 The soldiers were fighting each other in many places throughout that region. Many soldiers were killed by other soldiers. But more soldiers died in the forest.

2 Samuel 21:12 Pagkatapos, pumunta si David sa Jabes-gilead. At kinuha niya ang mga buto ni Saul at mga buto ni Jonatan mula sa mga lalaking naninirahan sa Jabes-gilead. (Noong una ay ninakaw nila ang katawan ni Saul at katawan ni Jonatan mula sa mga Filisteo. Matapos patayin ng mga Filisteo sina Saul at Jonatan sa Gilboa, isinabit nila ang mga katawang iyon sa Beth-sean. Ngunit dinala ang mga katawang iyon mula sa Beth-sean patungo sa Jabes-gilead ng mga lalaking nanirahan sa Jabes-gilead.)

2 Samuel 21:13 David brought Saul's bones and Jonathan's bones from Jabesh Gilead. Then the people also gathered the bones of Saul's seven sons that the Gibeonites killed.

2 Samuel 21:13 Dinala ni David ang mga buto ni Saul at mga buto ni Jonatan mula sa Jabes-gilead. Pagkatapos, tinipon din ng mga tao ang mga buto ng pitong anak na lalaki ni Saul na napatay ng mga taga-Gibeon.

2 Samuel 21:14 Those people buried Saul's bones and Jonathan's bones in the tomb of Saul's father named Kish. That tomb was in Zela. Zela was in the land that the tribe of Benjamin owned. Those people did all of the things that David commanded them to do. Then God answered the Israelites' prayers.

2 Samuel 21:14 Inilibing ng mga taong iyon ang mga buto ni Saul at mga buto ni Jonatan sa libingan ng kanyang amang si Kis. Ang libingang iyon ay nasa Zela. Ang Zela ay nasa lupaing pag-aari ng angkan ng Benjamin. Ginawa ng mga taong iyon ang lahat ng mga bagay na iniutos ni David na gawin. Pagkatapos, sinagot ng Diyos ang mga panalangin ng mga Israelita.

2 Samuel 21:15 Title: The Israelites fight the Philistines. Then the Philistines started attacking the Israelites again. So David and his soldiers went to fight the Philistines. But David became extremely tired during the battle.

2 Samuel 21:15 Pamagat: Nilabanang mga Israelita ang mga Filisteo. Pagkatapos, nagsimulang lusubing muli ng mga Filisteo ang mga Israelita. Kaya't pumunta sina David at ang kanyang mga kawal upang digmain ang mga Filisteo. Ngunit napagod si David sa labanan.

2 Samuel 21:16 A Philistine soldier named Ishbi-Benob was Rapha's descendant. The bronze tip of Ishbi-Benob's spear weighed about 7.5 pounds. And Ishbi-Benob had a new sword. He said that he'll kill David.

2 Samuel 21:16 Ang isang kawal na Filisteong nagngangalang Esbibenob ay nasa lipi ni Rapha. Tumitimbang ang tulis ng sibat na tanso ni Esbibenob ng halos tatlo at kalahating kilo. At mayroong bagong patalim si Esbibenob. Sinabi niyang papatayin niya si David.

2 Samuel 21:17 But a man named Abishai, who was Zeruiah's son, killed that Philistine soldier. So Abishai saved David from that soldier. Then David's soldiers said to him, "You must not fight the Philistines with us again. If the Philistines kill you, we won't have a king."

2 Samuel 21:17 Ngunit ang isanglalaking nagngangalang Abisai na ay anak ni Sarvia ay pinatay ang kawal na Filisteo. Kaya't iniligtas ni Abisai si David mula sa kawal na iyon. Pagkatapos, sinabi ng mga kawal ni David sa kanya, "Hindi ka dapat makipaglabang muli sa mga Filisteo na kasama namin. Kung papatayin ka ng mga Filisteo, mawawalan kami ng hari."

2 Samuel 21:18 Later the Israelites fought the Philistines at Gob. A man named Sibbekai, who was from Hushah, killed Saph, who was one of Rapha's descendants.

2 Samuel 21:18 Nang nagtagal ay nakipaglaban ang mga Israelita sa mga Filisteo sa Gob. Ang isang lalaking nagngangalang Sibecai na nagmula sa Husa ay pinatay si Saf na nasa isa sa lipi ni Rapha.

2 Samuel 21:19 Later the Israelites fought the Philistines at Gob again. A man named Elhanan was from Bethlehem. Elhanan was Jair's son. Elhanan killed Goliath's younger brother who was from Gath. Goliath's younger brother's spear was very big.

2 Samuel 21:19 Nang nagtagal ay nilabanang muli ng mga Israelita ang mga Filisteo sa Gob. Ang lalaking nagngangalang Elhanan ay nagmula sa Betlehem. Si Elhanan ay anak na lalaki ni Jair. Pinatay niya ang nakababatang kapatid na lalaki ni Goliath na mula sa Gat. Napakalaki ng sibat ng nakababatang kapatid ni Goliath.

2 Samuel 21:20 Later the Israelites fought the Philistines at Gath. A very big man was at Gath. He had six fingers on each hand and had six toes on each foot. He also was one of Rapha's descendants.

2 Samuel 21:20 Nang nagtagal ay nilabanan ng mga Israelita ang mga Filisteo sa Gat. Mayroong isang napakalaking lalaki sa Gat. Mayroon siyang anim na daliri sa bawat kamay at mayroong anim na daliri sa bawat paa. Siya rin ay isa sa lipi ni Rapha.

2 Samuel 21:21 That man criticized the Israelite soldiers. Then a man named Jonathan killed that man. Jonathan was Shimeah's son. Shimeah was David's older brother.

2 Samuel 21:21 Sinisiraan ng lalaking iyon ang mga kawal Israelita. At ang isang lalaking nagngangalang Jonatan ang pumatay sa lalaking iyon. Si Jonatan ay anak na lalaki ni Simea. Si Simea ay nakatatandang kapatid na lalaki ni David.

2 Samuel 21:22 Those four men were Rapha's descendants. Rapha was from Gath. David and his soldiers killed those four men.

2 Samuel 21:22 Ang apat na lalaking iyon ay nasa lipi ni Rapha. Si Rapha ay nagmula sa Gat. Pinatay ni David at ng kanyang mga kawal ang apat na lalaking iyon.

20 minutes

2 Samuel 22:1 Title: David praises Yahweh. David sang this song to Yahweh. After Yahweh rescued David from all of his enemies and Saul, David sang this song.

2 Samuel 22:1 Pamagat: Pinuri ni David si Yahweh. Inawit ni David ang awit na ito kay Yahweh. Matapos iligtas ni Yahweh sina David sa lahat ng kanyang mga kaaway at kay Saul, inawit ni David ang awit na ito.

2 Samuel 22:2 David said, "Yahweh is my stone. Yahweh protects me and rescues me.

2 Samuel 22:2 Sinabi ni David, "Si Yahweh ay ang aking bato. Ipinagtatanggol at inililigtas ako ni Yahweh.

2 Samuel 22:3 My God is my stone. When I run to God, he protects me. God is my shield and is strong. He protects me. God is my tall tower. When I'm in that tower, I'm safe. My enemies aren't able to hurt me. Yahweh saves me from people who want to hurt me.

2 Samuel 22:3 Ang aking Diyos ang aking bato. Kapag tumakbo ako patungo sa Diyos, ipagtatanggol Niya ako. Siya ang aking panangga at Siya ay malakas. Ipagtatanggol Niya ako. Siya ang aking mataas na tore.

Kapag ako ay nasa toreng iyon, ligtas ako. Hindi ako kayang saktan ng aking kaaway. Iniligtas ako ni Yahweh mula sa mga taong gustong manakit sa akin.

2 Samuel 22:4 I called Yahweh. All people should praise Yahweh! Then Yahweh saved me from my enemies.

2 Samuel 22:4 Tinawag ko si Yahweh. Dapat purihin ng lahat ng mga tao si Yahweh! Pagkatapos, iniligtas ako ni Yahweh mula sa aking mga kaaway.

2 Samuel 22:5 The waves of death surrounded me. The rivers that destroyed things covered me.

2 Samuel 22:5 Pinalibutan ako ng mga alon ng kamatayan. Tinakpan ako ng mga ilog na sumisira sa mga bagay.

2 Samuel 22:6 The ropes of death were around me. Traps of death were in front of me.

2 Samuel 22:6 Ang mga lubid ng kamatayan ay nakapalibot sa akin. Ang mga bitag ng kamatayan ay nasa aking harapan.

2 Samuel 22:7 I had a lot of trouble. So I called Yahweh. I cried out to my God. God, who was in his temple, heard my voice. My voice came to God's ears.

2 Samuel 22:7 Marami akong kaguluhan. Kaya't tinawag ko si Yahweh. Tumawag ako sa aking Diyos. Ang Diyos na nasa Kanyang templo ay narinig ang aking tinig. Dumating ang aking tinig sa mga tainga ng Diyos.

2 Samuel 22:8 The earth shook. And the heavens shook. The earth and the heavens shook because God was angry.

2 Samuel 22:8 Yumanig ang lupa. At nayanig ang mga langit. Yumanig ang lupa at mga langit dahil nagalit ang Diyos.

2 Samuel 22:9 Smoke rose from God's nose. Fire that completely burned things came from God's mouth. Sulfur came from God's mouth.

2 Samuel 22:9 Pumaitaas ang usok mula sa ilong ng Diyos. Nanggaling sa bibig ng Diyos ang apoy na ganap nang nagsunog ng mga bagay. Nanggaling sa bibig ng Diyos ang mga batong nasusunog.

2 Samuel 22:10 God opened heaven and came down to the earth. Dark clouds were under God's feet.

2 Samuel 22:10 Binuksan ng Diyos ang langit at bumaba sa lupa. Mayroong madidilim na mga ulap sa ilalim ng mga paa ng Diyos.

2 Samuel 22:11 God rode a cherub and flew. God flew with the wind's wings.

2 Samuel 22:11 Sumakay ang Diyos sa kerubin at lumipad. Lumipad Siya gamit ang mga pakpak ng hangin.

2 Samuel 22:12 God covered himself with darkness. The dark clouds that contained rain covered God.

2 Samuel 22:12 Tinakpan ng Diyos ang Kanyang sarili ng kadiliman. Tinakpan ang Diyos ng madidilim na mga ulap na nalagyan ng ulan.

2 Samuel 22:13 God's bright light was shining. Lightning came from God.

2 Samuel 22:13 Nagliliwanag ang tanglaw ng Diyos. Nanggaling ang kidlat sa Diyos.

2 Samuel 22:14 Yahweh's voice was like thunder that came from heaven. God Almighty shouted loudly.

2 Samuel 22:14 Ang tinig ni Yahweh ay katulad ng kulog na nanggaling sa langit. Sumigaw nang malakas ang Makapangyarihang Diyos.

2 Samuel 22:15 Yahweh shot his arrows. And the enemies ran away. Yahweh completely defeated the enemies with a lot of lightning.

2 Samuel 22:15 Pinakawalan ni Yahweh ang Kanyang mga palaso. At tumakbo ang mga kaaway. Ganap nang tinalo ni Yahweh ang mga kaaway sa pamamagitan ng maraming kidlat.

2 Samuel 22:16 Yahweh rebuked the enemies. Wind blew from Yahweh's nose. Valleys appeared in the ocean. And people were able to see the earth's floor.

2 Samuel 22:16 Sinaway ni Yahweh ang mga kaaway. Umihip ang hangin mula sa ilong ni Yahweh. Lumabas ang mga libis sa dagat. At nakita ng mga tao ang ilalim ng lupa.

2 Samuel 22:17 Yahweh moved his hand to earth and grabbed me. Yahweh pulled me out of deep water.

2 Samuel 22:17 Ginalaw ni Yahweh ang Kanyang kamay sa lupa at kinuha ako. Inahon Niya ako mula sa malalim na tubig.

2 Samuel 22:18 Yahweh rescued me from my powerful enemy. Yahweh rescued me from the people who fought me. Those people were too strong.

2 Samuel 22:18 Iniligtas ako ni Yahweh sa aking makapangyarihang kaaway. Iniligtas Niya ako sa mga taong lumalaban sa akin. Napakalakas nila.

2 Samuel 22:19 When I had a lot of trouble, those people attacked me. But Yahweh helped me.

2 Samuel 22:19 Nang maraming akong kaguluhan, sinalakay ako ng mga taong iyon. Ngunit tinulungan ako ni Yahweh.

2 Samuel 22:20 Yahweh brought me to a big place. Yahweh rescued me because he loves me.

2 Samuel 22:20 Dinala ako ni Yahweh sa isang malaking lugar. Iniligtas Niya ako dahil minamahal Niya ako.

2 Samuel 22:21 Yahweh saved me because I did good things. Yahweh gave good things to me because I didn't do bad things.

2 Samuel 22:21 Iniligtas ako ni Yahweh dahil gumawa ako ng mga magagandang bagay. Binigyan Niya ako ng mga magagandang bagay dahil hindi ako gumawa ng mga masasamang bagay.

2 Samuel 22:22 I obeyed Yahweh's commands I didn't leave my God.

2 Samuel 22:22 Tinupad ko ang mga utos ni Yahweh, hindi ko iniwan ang aking Diyos.

2 Samuel 22:23 I remembered Yahweh's laws. I didn't break Yahweh's laws.

2 Samuel 22:23 Naalala ko ang mga kautusan ni Yahweh. Hindi ko linabag ang mga kautusan ni Yahweh.

2 Samuel 22:24 People aren't able to say that I did bad things. I'm able to stand in front of Yahweh. I didn't let me do evil things.

2 Samuel 22:24 Hindi kayang sabihin ng mga tao na gumawa ako ng mga masasamang bagay. Kaya kong tumayo sa harapan ni Yahweh. Hindi ko pinabayaang makagawa ako ng mga masasamang bagay.

2 Samuel 22:25 Yahweh gave good things to me because I did good things. Yahweh gave good things to me because he didn't see me doing bad things.

2 Samuel 22:25 Binigyan ako ni Yahweh ng mga magagandang bagay dahil gumawa ako ng mga magagandang bagay. Binigyan Niya ako ng mga magagandang bagay dahil hindi Niya ako nakita na gumagawa ng mga masasamang bagay.

2 Samuel 22:26 You're faithful to people who are faithful to you. You're kind to people who are kind.

2 Samuel 22:26 Matapat Ka sa mga taong nagtatapat sa Iyo. Nagiging mabuti Ka sa mga taong mababait.

2 Samuel 22:27 You bless people who do good things. But you treat badly people who do bad things.

2 Samuel 22:27 Pinagpapala Mo ang mga taong gumagawa ng mga magagandang bagay. Ngunit tinatrato Mo nang masama ang mga taong gumagawa ng mga masasamang bagay.

2 Samuel 22:28 You save people who don't think that they are important. But you watch people who think that they are important. And you cause those people to become less important.

2 Samuel 22:28 Nagliligtas Ka sa mga taong hindi nag-iisip na mahalaga sila. Ngunit minamasdan Mo ang mga taong nag-iisip na mahalaga sila. At ginagawa Mong hindi mahalaga ang mga taong iyon.

2 Samuel 22:29 Yahweh, you're my lamp. Yahweh changes the darkness into light.

2 Samuel 22:29 Yahweh, Ikaw ang aking ilaw. Ginagawa liwanag ni Yahweh ang kadiliman.

2 Samuel 22:30 When you help me, I'm able to defeat an army. I'm able to climb walls because you help me.

2 Samuel 22:30 Kapag tinutulungan Mo ako, kaya kong talunin ang isang hukbo. Kaya kong umakyat ng mga pader dahil tinutulungan Mo ako.

2 Samuel 22:31 God's plans are perfect. Yahweh's words are right. Yahweh protects the people who trust him.

2 Samuel 22:31 Ganap ang mga plano ng Diyos. Tama ang mga salita ni Yahweh. Ipagtatanggol ni Yahweh ang mga taong nagtitiwala sa Kanya.

2 Samuel 22:32 Who is God? Only Yahweh is God. Who is the stone? Only our God is the stone.

2 Samuel 22:32 Sino ang Diyos? Si Yahweh lamang ang Diyos. Sino ang bato? Ang aming Diyos lamang ang bato.

2 Samuel 22:33 God gives strength to me and protects me.

2 Samuel 22:33 Binibigyan ako ng Diyos ng lakas at ipinagtanggol ako.

2 Samuel 22:34 God causes my feet to be like a deer's feet. He causes me to stand on high mountains.

2 Samuel 22:34 Ginagawa ng Diyos na ang aking mga paa ay maging katulad ng mga paa ng usa. Ginagawa Niyang tumayo ako sa matataas na mga kabundukan.

2 Samuel 22:35 God teaches me how to fight. My arms are able to pull a bronze bow.

2 Samuel 22:35 Tinuturuan ako ng Diyos kung paano dumigma. Kayang humila ng aking mga braso ng panang tanso.

2 Samuel 22:36 You protect me with your shield. Your shield saves me. I became great because you helped me.

2 Samuel 22:36 Ipinagtatangol Mo ako gamit ang iyong panangga. Inililigtas ako ng iyong panangga. Naging dakila ako dahil tinulungan Mo ako.

2 Samuel 22:37 You show a wide path to me. Therefore my ankles don't break.

2 Samuel 22:37 Ipinakita Mo ang malapad na landas sa akin. Kaya't hindi nababali ang aking mga paa.

2 Samuel 22:38 I chased my enemies and completely destroyed them. I didn't stop chasing my enemies until I destroyed them.

2 Samuel 22:38 Hinabol at ganap nang sinira ko ang mga kaaway na iyon. Hindi ako tumigil habulin ang aking mga kaaway hanggang sa mawasak ko sila.

2 Samuel 22:39 I completely destroyed those enemies. Those enemies aren't able to stand up. They fell down under my feet.

2 Samuel 22:39 Ganap na winasak ko ang mga kaaway na iyon. Hindi na makatayo ang mga kaaway na iyon. Bumagsak sila sa ilalim ng aking mga paa.

2 Samuel 22:40 You gave strength to me so that I could fight my enemies. You caused my enemies to bow to me.

2 Samuel 22:40 Binigyan Mo ako ng lakas upang digmain ko ang aking mga kaaway. Ginawa Mong yumukod ang aking mga kaaway sa akin.

2 Samuel 22:41 You caused my enemies to run away from me. And I destroyed the people who fought me.

2 Samuel 22:41 Ginawa Mong tumakbo ang aking mga kaaway palayo sa akin. At winasak ko ang mga taong lumalaban sa akin.

2 Samuel 22:42 My enemies asked people to help them. But people didn't come to save my enemies. My enemies called Yahweh. But Yahweh didn't answer my enemies.

2 Samuel 22:42 Nakiusap ang aking mga kaaway sa mga tao na tulungan sila. Ngunit hindi pumunta ang mga tao upang iligtas ang aking mga kaaway. Tinawag ng aking mga kaaway si Yahweh, ngunit hindi sila sinagot ni Yahweh.

2 Samuel 22:43 I beat my enemies until they became like the dust of the earth. I walked on those enemies like I walk on wet dirt that is on the streets.

2 Samuel 22:43 Dinurog ko ang aking mga kaaway hanggang sa maging katulad sila ng alabok. Naglakad ako sa ibabaw ng mga kaaway na iyon katulad ng paglakad ko sa basang lupang nasa mga daan.

2 Samuel 22:44 When people attacked me, you saved me. You let me continue being the leader of nations. People that I didn't know serve me now.

2 Samuel 22:44 Nang sinalakay ako ng mga tao, iniligtas Mo ako. Pinapabayaan Mo akong patuloy na maging pinuno ng mga bansa. Naglilingkod na ngayon sa akin ang mga taong hindi ko kilala.

2 Samuel 22:45 Foreigners are afraid of me. When foreigners hear about me, they obey me.

2 Samuel 22:45 Natatakot ang mga dayuhan sa akin. Kapag narinig ng mga dayuhan ang tungkol sa akin, sinusunod nila ako.

2 Samuel 22:46 All of the foreigners become afraid. They come out from their strong cities and are shaking because they are afraid.

2 Samuel 22:46 Natatakot ang lahat ng mga dayuhan. Lumalabas sila mula sa kanilang matatatag na mga bayan. At nangangatog sila dahil sa takot.

2 Samuel 22:47 Yahweh lives! I praise my stone! My God is important. He is the stone that saves me!

2 Samuel 22:47 Buhay si Yahweh! Pinupuri ko ang aking Batong Tanggulan! Mahalaga ang aking Diyos. Siya ang batong nagliligtas sa akin!

2 Samuel 22:48 Yahweh is God who defeats my enemies. God causes me to rule many nations.

2 Samuel 22:48 Si Yahweh ang Diyos na tumatalo sa aking mga kaaway. Ginagawa Niyang mamahala ako sa maraming bansa.

2 Samuel 22:49 Yahweh releases me from my enemies. You caused me to rule the people who fought me. You saved me from men who hurt people.

2 Samuel 22:49 Pinalaya ako ni Yahweh mula sa sa aking mga kaaway. Ginawa Mong pamahalaan ko ang mga taong lumalaban sa akin Iniligtas Mo ako mula sa mga lalaking nananakit ng mga tao.

2 Samuel 22:50 Therefore I'll praise you. Yahweh, I'll praise you with the nations. I'll sing songs to you. I'll praise your name.

2 Samuel 22:50 Anupa't pupurihin kita. Yahweh, pupurihin kita kasama ng mga bansa. Aawit ako ng mga awit sa Iyo. Pupurihin ko ang Iyong pangalan.

2 Samuel 22:51 Yahweh causes his king to defeat the king's enemies. Yahweh is always kind to the king that he anointed. He is kind to David and his descendants forever."

2 Samuel 22:51 Ginagawa ni Yahweh na talunin ng Kanyang hari ang mga kaaway. Palagi Siyang nagiging mabuti sa haring pinahiran Niya ng langis. Nagiging mabuti Siya kay David at sa lipi ni David magpakailanman."

43 minutes

2 Samuel 23:1 Title: Before David dies, he speaks to the Israelites. Before David died, he said, "While God was leading David, David, who was Jesse's son, said these words. The man that God Almighty caused to become great said these things. Jacob's God chose David to become the king. When Israelites sing songs, they sing songs that are about David.

2 Samuel 23:1 Pamagat: Bago namatay si David, nagsalita siya sa mga Israelita. Bago namatay si David, sinabi niya, "Si David na anak na lalaki ni Jesse ang nagsabi ng mga salitang ito habang inaakay siya ng Diyos. Sinabi ang mga bagay na ito ng lalaking ginawang dakila ng Makapangyarihang Diyos. Itinalaga ng Diyos ni Jacob si David para maging hari. Kapag umaawit ang mga Israelita ng mga awitin, inaawit nila ang mga awit na tungkol kay David.

2 Samuel 23:2 The Spirit of Yahweh spoke through me. Yahweh put his words on my tongue.

2 Samuel 23:2 Nagsalita ang Espiritu ni Yahweh sa pamamagitan ko. Inilagay ni Yahweh ang Kanyang mga salita sa aking dila.

2 Samuel 23:3 The God of Israel spoke. Israel's stone said to me, "There is a person who rules people fairly. And while that person is ruling, he fears God.

2 Samuel 23:3 Nagsalita ang Diyos ng Israel. Sinabi ng Bato ng Israel sa akin, "Mayroong isang taong namamahala sa mga tao nang makatarungan. At habang namamahala ang taong iyon, natatakot siya sa Diyos.

2 Samuel 23:4 When the sun rises, and when clouds aren't in the sky, that person is like the light. After it rains, he is like bright light. That rain causes grass to grow from the ground.

2 Samuel 23:4 Kapag sumikat ang araw, at walang ulap sa himpapawid, ang taong iyon ay katulad ng liwanag. Matapos umulan, siya ay katulad ng maliwanag na ilaw. Nagagawa ng ulan na tumubo ang damo sa lupa.

2 Samuel 23:5 All of the people who are in my family obey God. So God made a covenant with me. God will keep that covenant forever. He planned that covenant. And that covenant is strong. It saves me. I don't want other things.

2 Samuel 23:5 Sinusunod ang Diyos ng lahat ng mga taong mula sa aking pamilya. Kaya't gumawa ang Diyos ng isang kasunduan sa akin. Tutuparin Niya ang kasunduang iyon magpakailanman. Ginawa Niya ang kasunduang iyon. At malakas ang kasunduang iyon. Inililigtas niyon ako. Ayaw ko ang ibang mga bagay.

2 Samuel 23:6 But God will throw all of the evil people away like farmers throw thorns away. People aren't able to pick up thorns with their hands.

2 Samuel 23:6 Ngunit itatapon ng Diyos ang lahat ng mga masasamang tao katulad ng pagtatapon ng mga magsasaka ng mga tinik. Hindi kayang mamulot ng mga tao ng mga tinik sa [pamamagitan ng kanilang mga kamay.

2 Samuel 23:7 A person who touches thorns uses an iron tool or a spear. And he burns those thorns with fire."

2 Samuel 23:7 Gumagamit ng kagamitang bakal o sibat ang isang taong humahawak ng mga tinik at sinusunog ang mga ito sa pamamagitan ng apoy."

2 Samuel 23:8 Title: The following people were in David's army. These people were David's strong soldiers. A man named Josheb-Basshebeth was from Hachmon. Josheb-Basshebeth was the three most powerful soldiers' leader. One day Josheb-Basshebeth killed 800 men with his spear during a battle.

2 Samuel 23:8 Pamagat: Mula sa hukbo ni David ang sumusunod na mga tao. Ang mga taong ito ay malalakas na mga kawal ni David. Ang isang lalaking nagngangalang Yosev-basevet ay nagmula sa Taquemon. Si Yosev-basevet ay pinuno ng tatlong pinakamakapangyarihang mga kawal. Isang araw, pinatay niya ang 800 lalaki gamit ang kanyang sibat sa labanan.

2 Samuel 23:9 A man named Eleazar was the second powerful soldier. Eleazar was Dodai's son. And Dodai was Ahohi's son. When David criticized the Philistines at Pas Dammim, Eleazar and two other strong soldiers were with him. The Philistines were preparing to fight the Israelites. But Israel's soldiers ran away.

2 Samuel 23:9 Ang isang lalaking nagngangalang Eleazar ang pangalawang makapangyarihang kawal. Si Eleazar ay anak na lalaki ni Dodo. At si Dodo ay anak na lalaki ni Ahohi. Nang siniraan ni David ang mga Filisteo sa Pas-dammim, sina Eleazar at ang dalawang pang malalakas na kawal ay kasama niya. Naghahanda ang mga Filisteo upang labanan ang mga Israelita. Ngunit tumakbo ang mga kawal ng Israel.

2 Samuel 23:10 But Eleazar didn't run away. He fought the Philistines until he was extremely tired. That day Yahweh caused the Israelites to defeat the Philistines. The other soldiers who ran away returned to Eleazar. But they came to take the weapons away from the dead soldiers.

2 Samuel 23:10 Ngunit hindi tumakbo si Eleazar. Dinigma niya ang mga Filisteo hanggang sa mapagod siya. Sa araw na iyon, ginawa ni Yahweh na talunin ng mga Israelita ang mga Filisteo. Bumalik kay Eleazar ang ibang mga kawal na tumakas. Ngunit pumunta sila upang kunin ang mga sandata mula sa namatay na mga kawal.

2 Samuel 23:11 A man named Shammah was the third powerful soldier. Shammah was Agee's son. Shammah was from Harar. One day the Philistines were preparing to fight the Israelites in a field where peas were growing. But Israel's soldiers ran away from the Philistines.

2 Samuel 23:11 Ang isang lalaking nagngangalang Shammah ang ikatlong makapangyarihang kawal. Si Shammah ay anak na lalaki ni Age. Siya ay nagmula sa Arar. Isang araw, naghahanda ang mga Filisteo upang labanan ang mga Israelitang nasa bukid kung saan tumutubo ang mga lentehas. Ngunit tumakbo ang mga kawal ng Israel palayo sa mga Filisteo.

2 Samuel 23:12 But Shammah stood in the middle of that field. He protected that field and killed those Philistines. Yahweh caused Shammah to defeat those Philistines.

2 Samuel 23:12 Ngunit tumayo si Shammah sa gitna ng bukid na iyon. Ipinagtanggol niya ang bukid na iyon at pinatay ang mga Filisteo. Ginawa ni Yahweh na talunin ni Shammah ang mga Filisteong iyon.

2 Samuel 23:13 Thirty important officers were in David's army. One day when people were harvesting grain, three of those important officers came to David. At that time David was at the cave of Adullam. A group of Philistine soldiers were camping in the Valley of Rephaim.

2 Samuel 23:13 Mula sa hukbo ni David ang tatlung mahahalagang opisyal. Isang araw, nang umaani ang mga tao ng mga butil, pumunta ang tatlo sa mga mahahalagang opisyal na iyon kay David. Sa oras na iyon, si David ay nasa yungib ng Adulam. Nagkakampo ang grupo ng mga kawal Filisteo ng Refaim.

2 Samuel 23:14 David was inside that cave. Many Philistine soldiers were near Bethlehem.

2 Samuel 23:14 Si David ay nasa loob ng yungib na iyon. Maraming kawal na Filisteo malapit sa Betlehem.

2 Samuel 23:15 David wanted to drink water. So he said, "I wish that a person will bring water to me. There is a well near the gate of Bethlehem. I want to drink water that is in that well!"

2 Samuel 23:15 Gusto ni David na uminom ng tubig. Kaya't sinabi niya, "Hangad kong may taong magdadala ng tubig sa akin. Mayroong balong malapit sa pintuan ng Betlehem. Gusto kong uminom ng tubig na mula sa balong iyon!"

2 Samuel 23:16 So those three important officers fought the Philistine soldiers who were near Bethlehem. Then they drew water from the well that was near the gate of Bethlehem. Then they brought that water to David. But David refused to drink that water. Instead, he poured that water on the ground in front of Yahweh.

2 Samuel 23:16 Kaya't dinigma ng tatlong mahahalagang opisyal na iyon ang mga kawal Filisteong malapit sa Betlehem. Pagkatapos, sumalok sila ng tubig mula sa balong malapit sa pintuan ng Betlehem at dinala nila iyon kay David. Ngunit tumanggi si David na inumin ang tubig na iyon. Sa halip ay ibinuhos niya ang tubig na iyon sa lupa sa harapan ni Yahweh.

2 Samuel 23:17 David said, "Yahweh, I won't drink this water! When these three officers went to Bethlehem to get this water, they almost died." So David didn't drink that water. Those three important officers also did other great things.

2 Samuel 23:17 Sinabi ni David, "Yahweh, hindi ko iinum ang tubig na ito! Nang pumunta ang tatlong opisyal na ito sa Betlehem upang kunin ang tubig na ito, muntik na silang mamatay." Kaya't hindi ininom ni David ang tubig na iyon. Ginawa rin ng tatlong mahahalagang opisyal na iyon ang ibang mga dakilang bagay.

2 Samuel 23:18 A man named Abishai was Joab's younger brother. Abishai was Zeruiah's son. Abishai was the three important officers' leader. One day Abishai killed three hundred soldiers with his spear. So he became famous like those three powerful soldiers were famous.

2 Samuel 23:18 Ang isang lalaking nanggangalang Abisai ay nakababatang kapatid na lalaki ni Joab. Si Abisai ay anak na lalaki ni Sarvia. Siya ay pinuno ng tatlong mahahalagang opisyal. Isang araw, pinatay

niya ang 300 kawal sa pamamagitan ng kanyang sibat. Kaya't naging tanyag siya katulad ng pagkatanyag ng tatlong magigiting na kawal.

2 Samuel 23:19 People honored Abishai more than they honored the three powerful soldiers. Although Abishai was not one of the three powerful soldiers, he became their captain.

2 Samuel 23:19 Iginalang ng mga tao si Abisai nang higit pa kaysa sa tatlong magigiting kawal. Kahit si Abisai ay wala sa tatlong magigiting na kawal, naging kapitan siya ng tatlo magigiting na kawal.

2 Samuel 23:20 A man named Benaiah was Jehoiada's son. Benaiah was from Kabzeel. He was another very brave soldier who did great things. One day Benaiah killed the two strongest soldiers who were from Moab. On another day when it was snowing, he entered a hole. Then he killed a lion in that hole.

2 Samuel 23:20 Ang isang lalaking nagngangalang Benaias ay anak na lalaki ni Joiada. Si Benaias ay nagmula sa Cabzeel. Siya ay isa pang napakatapang na kawal na gumawa ng mga dakilang bagay. Isang araw, pinatay niya ang dalawang pinakamalakas na kawal na nagmula sa Moab. Sa ibang araw, nang ang panahon ay tagyelo, pumasok siya sa isang butas. Pagkatapos, pumatay siya ng isang leon sa balong iyon.

2 Samuel 23:21 Benaiah also killed a very big Egyptian soldier. That Egyptian was holding a spear. But Benaiah was holding a big stick. He took that spear away from the Egyptian. Then Benaiah killed that Egyptian with that spear.

2 Samuel 23:21 Pinatay din ni Benaias ang isang napakalaking kawal Egipcio. May hawak ang Egipciong iyon na sibat. Ngunit may hawak si Benaias na isang malaking tungkod. Kinuha niya ang sibat na iyon mula sa Egipcio at pinatay ito gamit ang sibat na iyon.

2 Samuel 23:22 Benaiah also did many other great things. He was Jehoiada's son. Benaiah was famous like those three powerful soldiers were famous.

2 Samuel 23:22 Ginawa rin ni Benaias ang marami pang dakilang bagay. Siya ay anak na lalaki ni Joiada. Tanyag siya katulad ng pagkatanyag ng tatlong makapangyarihang kawal na iyon.

2 Samuel 23:23 People honored Benaiah more than they honored the thirty important officers. But Benaiah was not one of the three important officers. David chose Benaiah to lead the soldiers who protected him.

2 Samuel 23:23 Iginalang ng mga tao si Benaiah nang higit pa kaysa paggalang nila sa tatlung mahahalagang opisyal. Ngunit si Benaiah ay hindi isa sa tatlong mahahalagang opisyal. Pinili ni David si Benaiah upang pangunahan ang mga kawal na nagtanggol sa kanya.

2 Samuel 23:24 Title: The following thirty soldiers were very important. The following thirty men were important soldiers who were in David's army. A man named Asahel was Joab's younger brother. Elhanan was Dodo's son. Elhanan was from Bethlehem.

2 Samuel 23:24 Pamagat: Napakahalaga ng mga sumusunod na tatlung kawal. Ang tatlung sumusunod na lalaki ay mga mahahalagang kawal na mula sa hukbo ni David. Siya ay nakababatang kapatid na lalaki ni Joab. Si Elhanan ay anak na lalaki ni Dodo. Siya ay nagmula sa Betlehem.

2 Samuel 23:25 Shammah was from Harod. And Elicha also was from Harod.

2 Samuel 23:25 Si Shammah ay nagmula sa Harod. At si Elicha din ay nagmula sa Harod.

2 Samuel 23:26 Helez was from Palti. Ira was Ikkesh's son. Ira was from Tekoa.

2 Samuel 23:26 Si Helez ay nagmula sa Palti. Si Ira ay anak na lalaki ni Ekis. Siya ay nagmula sa Tekoa.

2 Samuel 23:27 Sibbekai was from Anathoth. He was from Hushath.

2 Samuel 23:27 Si Sibekai ay nagmula sa Anathoth. Siya ay nagmula sa Hushath.

2 Samuel 23:28 Zalmon was from Ahoh. Maharai was from Netophath.

2 Samuel 23:28 Si Zalmon ay nagmula sa Aho. Si Maharai ay nagmula sa Netofa.

2 Samuel 23:29 Heled was Baanah's son. Heled was from Netophath. Ithai was Ribai's son. Ithai was from Gibeah. Gibeah was in the land that the tribe of Benjamin owned.

2 Samuel 23:29 Si Heled ay anak na lalaki ni Baana. Siya ay nagmula sa Netofa. Si Itai ay anak na lalaki ni Ribai. Siya ay nagmula sa Gibeah. Ang Gibeah ay nasa lupaing pag-aari ng angkan ng Benjamin.

2 Samuel 23:30 Benaiah was from Pirathon. Hiddai was from the valley that was in Gash.

2 Samuel 23:30 Si Benaías ay nagmula sa Piraton. Si Hidai ay nagmula sa libis na nasa Gaas.

2 Samuel 23:31 Abi-Albon was from Arbath. Azmaveth was from Barhum.

2 Samuel 23:31 Si Abi-albon ay nagmula sa Araba. Si Azmavet ay nagmula sa Bahurim.

2 Samuel 23:32 Eliahba was from Shaalbon. Jashen's sons also were important soldiers.

2 Samuel 23:32 Si Eliaba ay nagmula sa Saalbon. Ang mga anak na lalaki ni Jasen ay mga mahahalagang kawal din.

2 Samuel 23:33 Jonathan was Shammah's son. Jonathan was from Harar. Ahiam was Sharar's son. Ahiam also was from Harar.

2 Samuel 23:33 Si Jonatan ay anak na lalaki ni Shammah. Siya ay nagmula sa Arar. Si Ahiam ay anak na lalaki ni Sarar. Siya ay nagmuladin sa Arar.

2 Samuel 23:34 Eliphelet was Ahasbai's son. Eliphelet was from Maakah. EIAM was Ahithophel's son. EIAM was from Giloh.

2 Samuel 23:34 Si Elifelet ay anak na lalaki ni Ahasbai. Siya ay nagmula sa Maaca. Si EIAM ay anak na lalaki ni Ahitofel. Siya ay nagmula sa Gilo.

2 Samuel 23:35 Hezro was from Carmel. Paarai was from Arab.

2 Samuel 23:35 Si Hezrai ay nagmula sa Carmelo. Si Paarai ay nagmula sa Arab.

2 Samuel 23:36 Igal was Nathan's son. Igal was from Zobah. Bani was in the tribe of Gad.

2 Samuel 23:36 Si Igal ay anak na lalaki ni Natan. Siya ay nagmula sa Soba. Mula sa angkan ng Gad si Bani.

2 Samuel 23:37 Zelek was from Ammon. Naharai was from Beeroth. He carried Joab's armor. Joab was Zeruiah's son.

2 Samuel 23:37 Si Selec ay nagmula sa Ammon. Si Naharai ay nagmula sa Beerot. Siya ang nagdadala ng baluti ni Joab. Si Joab ay anak na lalaki ni Sarvia.

2 Samuel 23:38 Ira was from Jattir. Gareb also was from Jattir.

2 Samuel 23:38 Si Ira ay nagmula sa Jatir. Si Jareb ay nagmula rin sa Jatir.

2 Samuel 23:39 Uriah was from Heth. 37 important soldiers were in David's army.

2 Samuel 23:39 Si Urias ay nagmula sa Heteo. Mula sa hukbo ni David ang 37 mahahalagang kawal.

35 minutes

2 Samuel 24:1 Title: David counts his soldiers. Yahweh became angry with the Israelites again. So he caused David to do a foolish thing. One day David said to his officers, "Go and count all of the people who are living in Israel and in Judah."

2 Samuel 24:1 Pamagat: Binilang ni David ang kanyang mga kawal. Nagalit na muli si Yahweh sa mga Israelita. Kaya't hinayaan Niyang gumawa ni David ng isang hangal na bagay. Isang araw, sinabi niya sa kanyang mga opisyal, "Pumunta kayo at bilangin ang lahat ng mga taong naninirahan sa Israel at sa Juda."

2 Samuel 24:2 King David said to Joab and the officers who were with him, "Go to all of the tribes of Israel. Go from Dan to Beersheba and count the people so that I could know the number of people who are in Israel."

2 Samuel 24:2 Sinabi ni Haring David kay Joab at sa mga opisyal na kasama niya, "Pumunta kayo sa lahat ng mga angkan ni Israel. Pumunta kayo mula sa Dan hanggang sa Beer-seba. At bilangin ninyo ang mga tao upang malaman ko ang bilang ng mga taong nasa Israel."

2 Samuel 24:3 But Joab said to the king, "I pray that Yahweh, who is your God, will give many people to you and pray that you'll see them. Why do you want to count the people?"

2 Samuel 24:3 Ngunit sinabi ni Joab sa hari, "Nananalangin akong si Yahweh na iyong Diyos ang magbibigay ng maraming tao sa iyo. At nananalangin akong makikita mo ang mga taong iyon. Bakit mo gustong bilangin ang mga tao?"

2 Samuel 24:4 But the king commanded Joab and the officers to count the people. So Joab and those officers left the king to count the people who were living in Israel.

2 Samuel 24:4 Ngunit inutusan ng hari sina Joab at ang mga opisyal na bilangin ang mga tao. Kaya't iniwan ni Joab at mga opisyal na iyon ang hari upang bilangin ang mga taong naninirahan sa Israel.

2 Samuel 24:5 After Joab and the officers went across the Jordan River, they camped near Aroer. They camped in a valley on the southern side of that town. Then they went to Gad and Jazer.

2 Samuel 24:5 Matapos tumawid ni Joab at ng mga opisyal sa Ilog Jordan, nagkampo sila malapit sa Aroer. Nagkampo sila sa libis na nasa gawing katimugan ng bayang iyon at pumunta sila sa Gad at Jazer.

2 Samuel 24:6 Then Joab and those officers went to Gilead and the region that was near Tahtim Hodshi. Then they went to Dan Jaan and Sidon.

2 Samuel 24:6 Pagkatapos, pumunta sina Joab at ang mga opisyal na iyon sa Gilead at rehiyong malapit sa Tatimhodsi at pumunta sila sa Dan-jaan at Sidon.

2 Samuel 24:7 Then Joab and those officers went to the city named Tyre and all of the cities where the Hivites and the Canaanites were living. Then they went to Beersheba, which was in Judah's southern region.

2 Samuel 24:7 Pagkatapos, pumunta sina Joab at ang mga opisyal na iyon sa bayan ng Tiro at sa lahat ng mga bayan kung saan naninirahan ang mga Hivita at mga Cananeo. At pumunta sila sa Beer-seba na nasa katimugang rehiyon ng Juda.

2 Samuel 24:8 Joab and those officers went to all of the cities that were in Israel. Then they returned to Jerusalem after nine months and twenty days.

2 Samuel 24:8 Pumunta sina Joab at ang mga opisyal na iyon sa lahat ng mga bayang nasa Israel at bumalik sila sa Jerusalem matapos ang 9 na buwan at dalawampung araw.

2 Samuel 24:9 Then Joab told the king that 800,000 brave men who used swords were in Israel. And Joab told the king that 500,000 brave men who used swords were in Judah.

2 Samuel 24:9 Pagkatapos, sinabi ni Joab sa hari na mayroon sa Israel na 800,000 matatapang na lalaking gumagamit ng mga patalim. At sinabi niya sa hari na mayroon sa Juda na 500,000 matatapang na lalaking gumagamit ng mga patalim.

2 Samuel 24:10 Then David became ashamed because he counted the people. And he said to Yahweh, "I sinned badly. I shouldn't have counted the people. Yahweh, I beg you to forgive me. I was very foolish."

2 Samuel 24:10 Pagkatapos, napahiya si David dahil binilang niya ang mga tao. At sinabi niya kay Yahweh, "Nagkasala ako. Hindi ko dapat binilang ang mga tao. Yahweh, nagmamakaawa ako sa Iyo na patawarin ako. Napakahangal ko."

2 Samuel 24:11 Before David got up the next morning, Yahweh spoke to Gad. Gad was a prophet.

2 Samuel 24:11 Bago bumangon si David sa kinabukasan, nagsalita si Yahweh kay Gad. Si Gad ay isang propeta.

2 Samuel 24:12 Yahweh said to Gad, "Go to David and say to him, "Yahweh says, "I'll punish Israel. I'll give three choices to you and let you choose the thing that I'll do to Israel."""

2 Samuel 24:12 Sinabi ni Yahweh kay Gad, "Pumunta ka kay David at sabihin sa kanya, "Sinabi ni Yahweh, "Parurusahan Ko ang Israel. Ibibigay Ko sa iyo ang tatlong pagpipilian. At pababayaang Kong piliin mo ang bagay na gagawin Ko sa Israel."""

2 Samuel 24:13 So Gad went to David and said to him, "Choose the thing that Yahweh will do to Israel to punish you. Should Yahweh cause the people to be hungry for three years? There won't be enough food for three years in Israel. Or should Yahweh cause your enemies to chase you for three months? Or should Yahweh cause people who are in your country to become sick for three days? You have to choose the thing that Yahweh will do. Yahweh sent me to you. I'll tell the answer that you say to me to Yahweh."

2 Samuel 24:13 Kaya't pumunta si Gad kay David at sinabi sa kanya, "Piliin mo ang bagay na gagawin ni Yahweh sa Israel bilang kaparusahan mo. Dapat ba Niyang gawin na magutom ang mga tao sa loob ng tatlong taon? Walang sapat na pagkain sa loob ng tatlong taon sa Israel. O dapat bang gawin ni Yahweh na habulin ka ng iyong mga kaaway sa loob ng tatlong buwan? O gawin Niyang magkasakit sa loob ng tatlong araw ang mga taong nasa iyong bansa? Dapat mong piliin ang bagay na gagawin ni Yahweh. Ipinadala Niya ako sa iyo. Sasabihin ko kay Yahweh ang sagot mo sa akin."

2 Samuel 24:14 David said to Gad, "I'm extremely upset. But Yahweh is very merciful. So he may punish us. I don't want people to punish us."

2 Samuel 24:14 Sinabi ni David kay Gad, "Nalulungkot ako. Ngunit napakamaawain ni Yahweh. Kaya't maaari Niya tayong parusahan. Ayaw kong parusahan tayo ng mga tao."

2 Samuel 24:15 So Yahweh caused many people to become sick in Israel. That morning people started becoming sick. And people continued becoming sick for three days. And 70,000 people who were living in Israel died.

2 Samuel 24:15 Kaya't ginawa ni Yahweh na maging malubha ang maraming tao sa Israel. Kinaumagahan, nagsimulang maging malubha ang mga tao. At nagpatuloy maging malubha ang mga tao sa loob ng tatlong araw. At namatay ang 70,000 kataong naninirahan sa Israel.

2 Samuel 24:16 Then the angel raised his hand to destroy Jerusalem. But Yahweh changed his mind. Then he said to the angel who was punishing the people, "Stop punishing the people! Lower your hand." At that time the angel of Yahweh was at Araunah's threshing floor. Araunah was a Jebusite.

2 Samuel 24:16 Pagkatapos, itinaas ng anghel ang kanyang kamay upang wasakin ang Jerusalem. Ngunit nagbago si Yahweh ng isip at sinabi sa anghel na nagpaparusa sa mga tao, "Tumigil ka na sa pagpaparusa sa mga tao! Ibaba mo ang iyong kamay." Sa oras na iyon, ang anghel ni Yahweh ay nasa giikan ni Arauna. Si Arauna ay isang Jebuseo.

2 Samuel 24:17 David saw the angel who was killing the people. Then David said to Yahweh, "I sinned. These people follow me like sheep follow a shepherd. They didn't sin. Please punish me and my family."

2 Samuel 24:17 Nakita ni David ang anghel na pumapatay sa mga tao. At sinabi niya kay Yahweh, "Nagkasala ako. Sinusunod ako ng mga taong ito katulad ng pagsunod ng mga tupa sa isang pastol. Hindi sila nagkasala. Parusahan Mo ako at ang aking pamilya."

2 Samuel 24:18 Title: David builds an altar for Yahweh. Then Gad went to David and said to him, "Go. And build an altar for Yahweh at Araunah's threshing floor. Araunah is a Jebusite."

2 Samuel 24:18 Pamagat: Gumawa si David ng isang altar para kay Yahweh. Pagkatapos, pumunta si Gad kay David at sinabi sa kanya, "Lumakad ka at gumawa ng isang altar para kay Yahweh sa giikan ni Arauna. Si Arauna ay isang Jebuseo."

2 Samuel 24:19 Then David did all of the things that Yahweh commanded him to do. So he went to Araunah.

2 Samuel 24:19 Pagkatapos, ginawa ni David ang lahat ng mga bagay na iniutos sa kanya ni Yahweh. Kaya't pumunta siya kay Arauna.

2 Samuel 24:20 Araunah saw the king and his officials coming to him. So Araunah went to the king and bowed to him. Araunah moved his face to the ground.

2 Samuel 24:20 Nakita ni Arauna ang hari at ang kanyang mga opisyal na papunta sa kanya. Kaya't sinalubong niya ang hari at yumukod. Inilapat niya ang kanyang mukha sa lupa.

2 Samuel 24:21 Then Araunah said, "My master, why did you come to me? I'm your servant." David answered, "I came to buy your threshing floor. I want to build an altar for Yahweh. After I build that altar, people will stop dying."

2 Samuel 24:21 Pagkatapos, sinabi ni Arauna, "Panginoon, bakit ka nagpunta sa akin? Ako ay iyong alipin." Sumagot si David, "Pumunta ako upang bilhin ang giikan mo. Gusto kong gumawa ng isang altar para kay Yahweh. Kapag natapos kong gawin ang altar na iyon, titigil nang mamatay ang mga tao."

2 Samuel 24:22 Araunah said to David, "My master and my king, take all of the things that you want. Take these oxen. When you offer the sacrifice to Yahweh, you may use these oxen. And you may also use these wood tools and these yokes to start the fire. Give all of these things to Yahweh.

2 Samuel 24:22 Sinabi ni Arauna kay David, "Panginoon at aking hari, kunin mo ang lahat ng mga bagay na gusto mo. Dalhin mo ang mga bakang ito. Kung maghahandog ka kay Yahweh, maaari mong gamitin ang mga bakang ito. At maaari mo ring gamitin ang mga kahoy na ito at mga pamatok na ito upang gumawa ng apoy. Ibigay mo ang lahat ng mga bagay na ito kay Yahweh.

2 Samuel 24:23 My king, I'll give all of these things to you." Araunah also said to the king, "I'll pray that your God named Yahweh will be pleased with you."

2 Samuel 24:23 Aking hari, ibibigay ko sa iyo ang lahat ng mga bagay na ito." Sinabi rin ni Arauna sa hari, "Mananalangin akong ang iyong Diyos na si Yahweh ay malulugod sa iyo."

2 Samuel 24:24 But the king said to Araunah, "No. I have to buy these things from you. I won't offer my God named Yahweh a sacrifice that you offer to me." So David bought Araunah's threshing floor and the oxen from him for about twenty ounces of silver.

2 Samuel 24:24 Ngunit sinabi ng hari kay Arauna, "Hindi. Dapat kong bilhin ang mga bagay na ito sa iyo. Hindi ako maghahandog sa aking Diyos na si Yahweh nang mga ibinibigay mo." Kaya't binili ni David ang giikan ni Arauna at ang mga baka sa kanya sa halagang halos 575 gramo ng pilak.

2 Samuel 24:25 Then David built an altar for Yahweh there and offered the sacrifices to him. Then Yahweh answered David's prayer. And the people stopped dying in Israel.

2 Samuel 24:25 Pagkatapos, gumawa si David ng isang altar para kay Yahweh sa lugar na iyon at naghandog sa Kanya. At sinagot ni Yahweh ang panalangin ni David. At tumigil na mamatay ang mga tao sa Israel.

27 minutes